



Come **HOME**

(HALINA, UMUWI SA IYONG TAHANAN)

DON MACLAFFERTY

Come HOME

(HALINA, UMUWI SA IYONG TAHANAN)

DON MACLAFFERTY

Isinalin sa Tagalog
nila
Clemence B. Esperanza
Mary Jane A. Zabat

Come Home

Copyright 2020
In Discipleship

Printed by College Press
Collegedale, Tennessee

Scripture quotations taken from the New
American Standard Bible* (NASB),
Copyright 1960, 1962, 1963, 1968, 1971,
1972, 1973, 1075, 1977, 1995
By the Lockman Foundation, Used by
Permission. www.Lockman.org

**All photographs prayerfully and creative-
ly provided by the following students
from across the Philippines:**

Jon Marc Balagtas, Teri Escullar, Marjanne
Gutierrez, and Brent Ligsay.

Dedication

**Sa aking mga magulang
Merritt and Gail MacLafferty**

Sa paraan kung paano ninyo
minamahal ang isa't isa sa loob ng
nakaraang 60 taon at sa di-
nagbabagong paraan ninyo ng
pagmamahal sa inyong mga anak, sa
mga asawa ng inyong mga anak, at
sa inyong mga apo, nakaguhit kayo
ng di-malilimutang larawan ng
walang hanggang pag-ibig ng Dios.

Layunin

Upang tawagang bumalik ang mga kabataan at matatanda sa **tahanan** bilang:

1. Sandigang lugar para turuan ang mga kabataang lumakad kasama ng Dios nang may integridad at respeto sa kanilang sarili at sa iba.
2. Sentrong lugar upang sambahin ang Dios na Manlalang;
3. Sentro ng sanayan ng pagiging disipulo sa pamayanan.

Talaan ng Nilalaman

Bakit ko Isinulat ang Aklat na Ito	8
Paano Gamitin ang Aklat na Ito	9
1 Ang Unang Tahanan	14
2 Umibig Tulad ni Cristo	24
3 Ang Altar ng Pamilya	36
4 Ang Modelo ng Deuteronomio, Unang Bahagi	48
5 Ang Modelo ng Deuteronomio, Ikalawang Bahagi	59
6 Ang Mga Bato ng Ilog	74
7 Isaysay Mo ang Iyong Kuwento	86
8 Ang Mensahe ni Elijah	94
9 Ang Iglesia sa Tahanan	110
10 Ang Nag-aanyayang Hapag-Kainan	121
11 Ang Banal na Tipanan	128
12 Halina, Umuwi sa Iyong Tahanan!	140

Bakit ko Isinulat ang Aklat na Ito

Sagradong lugar ang tahanan para sa pamilya, isang lugar upang mabuhay, umibig, mag-aral, sumamba at magmalasakit para sa komunidad. Walang anomang institusyon sa lupa ang makakapalit sa tahanan. Ang mga gobyerno, iglesia, paaralan, at mga negosyo ay tinatawagan upang itaguyod ang tahanan subalit hindi kailanman upang palitan ito.

Ang pangunguna ng tahanan ang puntirya ng kaaway simula pa nang likhain ito ng Dios. Gayon pa man sa malapit na panahon haharapin nito ang nakamamatay na pandaraya: isang pansanlibutang inisyatibo na idinikta – hindi ng nakasulat na Salita ng Dios – kundi bagkus ng politika at kapangyarihan ng relihiyon at awtoridad.

Ang aklat na ito'y hindi angkop para sa politika, sa kaginhawaan o katahimikan. Kundi isang paglilinaw na panawagang magbalik sa nakaaantig ng pusong pangitain ng Dios para sa inyong tahanan, ang mabuhay sa pangitaing ito, at ituro sa lahat ng nakatira sa loob ng inyong mga pader at sa lahat na tinatanggap ninyo sa inyong hapag-kainan.

Paano Gamitin ang Aklat na Ito

Ang aklat na ito'y sinadya para sa kanino mang nanabik sa pagpapala ng Dios sa kanilang mga tahanan. Nilikha ang mga leksyon para sa maliitang grupo subalit maaari ring gamitin para sa isang tao. Kung pag-aaralan ang aklat na may kasamang iba, ang grupong binubuo ng labindalawa o mas mababang bilang ang pinakakapakiakinabang. Kapag ang grupo'y lubha nang lumaki, makapagpapahina sa personal na paglago ng bawat isang miyembro at maaring ang programa ang pagtuunan ng grupo nang higit sa halip na sa tao.

Narito ang ilang payo para sa pangunguna ng maliit na grupo upang matuklasan ang bagong buhay para sa kanilang puso at kanilang tahanan.

1. Maging araw-araw na disipulo ni Jesus. Sambahin ang Panginoon sa Kanyang Salita at sa panalangin. Pasalamatan Siya. Purihin Siya! Mangumpisal sa Kanya. Magsisi kung anong nakompromiso kay Jesus upang maging iyong Panginoon. Hingin at tanggapin ang Banal na Espiritu upang mabago ang iyong buhay at isugo ka na maging buhay na saksi ni Jesus.

2. Manalangin araw-araw para sa bawat isa sa iyong maliit na grupo. Manalangin para basbasan ng Banal na Espiritu ang bawat isa na matanggap ang pag-ibig at biyaya ni Jesus, maging kaisa ng Salita ng Dios, mabuhay sa Kanyang Salita, at ibahagi ang magandang balita sa ibang tao. Manalanging bigyan ka ng Dios ng pusong mahabagin para sa bawat isa.
3. Basahin nang may panalangin ang bawat leksyon upang maging handa na pangunahan ang maliit na grupo. Maghanda ng maikling kuwento o patotoo mula sa iyong buhay upang ibahagi sa katapusan ng bawat leksyon bago ibigay ang hamon para sa susunod na linggo. Pahahalagahan ng iyong maliit na grupo ang malaman kung ano ang kahulugan ng hamon sa iyong personal na buhay bago mo ibigay sa kanila ang katulad na hamon para sa susunod na linggo.
4. Ihanda ang silid. Ilagay ang mga upuan nang pabilog. Kung maaari, masayang pagsalu-salohan ang isang masustansyang meryenda bago o pagkatapos ng leksyon. Ang ilang grupo'y nagsisimula o nagtatapos sa isang simpleng salu-salo. Ang pangunahing punto'y lumikha ng isang

kapaligirang nag-aanyaya ng isang pagsasalo-salo. Ang impormal na oras na ito'y epektibo upang “ibahagi ang buhay” sa kaanib ng iyong maliit na grupo. Makinig sa kanila habang kanilang ibinabahagi ang kanilang kagalakan, tagumpay, kawalan, pangarap at pagkatakot.

5. Dumating nang maaga upang personal na matanggap ang bawat isang tao sa inyong grupo. Kilalanin ang bawat pangalan sa pinakamabilis na panahon. Tanggapin sila sa kanilang mga pangalan!
6. Turuan o sanayin ang sinomang mas bata sa iyo upang maging iyong pangalawang lider. Sanayin siya na makibahagi sa leksyon sa bawat linggo. Tulungan ang taong ito na lumago na maging isang epektibong lider ng isang maliit na grupo na may pusong mapagpasigla sa mga tao habang sila'y lumalago, kaysa sanayin siya sa pamamagitan lang ng mga babasahing materyal.
7. Tanungin ang iyong grupo kung paano sila tinulungan ng Dios na gawin ang hamon mula sa nakaraang linggo. Magtanong nang may pagpapala! Himukin silang magkaroon ng kapareha

sa panalangin mula sa ibang magulang/ tagapagsanay at sa pangkat ng mga bata, at pagkatapos anyayahan sila sa bawat linggo na mag-ulat sa isa't isa kung ano ang ginawa ng Dios sa kanilang buhay habang kanilang isinasakabuhayan ang hamon mula sa huling leksyon. Huwag mawalan ng pag-asa kapag may ilang walang maiulat. Magtiyaga at manalangin nang mataimtim sa Dios na lumago sa bawat isa ang pag-asa mula sa Kanyang Salita na laging naghahatid na maisakabuhayan ang katotohanan sa pamamagitan ng pananampalataya.

8. Gawin ang Salita ng Dios ang laging huling salita sa lahat ng talakayan. Kapag may pagkakaiba ng opinyon, maging huwaran ng grupo na mahalaga ang pagsubok sa lahat ng bagay sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan, kasama na ang iyong ibabahagi. Ipamalas ang malalim na paggalang sa kung anoman ang sinasabi ng Dios sa Kanyang mga Salita. Ang Kanyang Salita ang magbibigay pansin o linaw, hindi ang iyong pananaw.
9. Ibahagi ang iyong sariling testimonya bago ka magbigay ng hamon. Ibahagi kung paano mo isinakabuhayan ang iyong pananampalataya sa iyong

personal na buhay bago mo hamunin ang iyong grupo na gawin din ang katulad na bagay. Ibahagi kung paano ka nagkamali at natuto habang isinasakatuparan ang hamon ng leksyon sa iyong sariling buhay. Ibahagi kung paanong nagawa ni Jesus bigyan ng pagkakaiba ang iyong buhay habang isinasakabuhayan ang hamon.

10. Umasa sa Banal na Espiritu. Siya ang nagpapabago sa puso hindi ikaw. Siya ang nagbibigay pandama sa pagkakasala, hindi ikaw. Sundan ang Kanyang pangunguna. Magdagdag at magbawas sa iyong mga inihanda habang pinapatnubayan Niya kayo sa buong leksyon.
11. Manalangin may pagtitiwala kay Cristo sa pagtatapos ng bawat leksyon. Manalangin para kay Jesu Cristo na basbasan ang bawat isang nabubuhay sa pananampalataya sa Kanya kasama ng mga hamong darating.
12. Habang iyong tinatapos ang leksyon, maging handa pagkatapos ng oras ng grupo para sa anomang banal na panayam o pakikipag-usap na ibinigay ng Dios sa iyo na makipag-usap sa kanino man at pasiglahin sila sa Kanyang pag-ibig.



Ang Unang
TAHANAN

Ang Unang Tahanan

KABANATA 1

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Tanungin ang pangalan ng bawat isa at ang kanilang lugar ng kapanganakan.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Maaari bang ilarawan ninyo ang isang bagay na inyong naaala-ala mula sa inyong unang tahanan. Tuklasin ngayon kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios tungkol sa unang tahanan.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Pasalamatang ang Dios para sa bawat isang kasama ninyo.

TUKLASIN

Ang aming maliit na apartment sa Honolulu sa Isla ng Oahu, Hawaii ang unang naala-ala kong tahanan mayroon ako. Ang pag-ibig ng aking mga magulang sa Dios, sa isa't isa, at para sa amin na tatlong anak ang dahilan ng isang masayang tahanan. Ang pinakamahalagang kasangkapan na aking naala-ala'y ang lamesa sa kusina kung saan sama-samang kumakain ang aming

pamilya. Naala-ala ko ang papaya, katas ng bayabas at ang araw na may isang malaking tambak ng nilagang gisantes sa aking pinggan na kakailanganin ko ang “oras at mga oras” upang ubusin ito. Naala-ala ko ang nagniningning na kulay ng mga bulaklak ng bird of paradise at hibiscus sa paglabas na paglabas ng aming pintuan. Mayroong mga puno ng mangga sa malawak na bakuran sa burol sa itaas namin. Mayroon akong kaaya-ayang ala-ala sa tahananang iyon: ang kainin ang kendi ng aking kuya na palagay niya’y naitago niya sa akin, ang habulin ang aking nakababatang kapatid na babae sa loob ng silid habang napapasigaw sa pagtawa at pagtatago para sa kanyang kaligtasan, ang magsama-sama para sa pagkain sa hapag-kainan, at sumamba sa Dios nang sama-sama sa aming sala.

Maaaring puno ng tawanan at pagmamahalan o mga luha at pagkatakot ang unang ala-ala ng inyong tahanan. Lumaki tayo sa magkakaibang tahanan. Lahat tayo’y may kuwentong sasabihin at leksyon na maaaring matutunan mula sa bawat isa.

May kuwento ang Dios na sasabihin tungkol sa unang tahanan sa planetang ito dahil Siya ang lumikha ng tahanan sa pamamagitan ng Kanyang marubdob na pag-ibig at nakamamanghang

pagkamalikhaing kaisipan. Narito ang kuwento ng unang tahanan sa lupa.

“Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa” (*Genesis 1:1*).

Sa unang araw, “sinabi ng Dios, ‘Magkaroon ng liwanag’; at nagkaroon ng liwanag” (v. 3).

Sa ikalawang araw, “sinabi ng Dios, ‘Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapwa tubig... at nagkagayon’” (vv. 6, 7).

At sa ikatlong araw, “sinabi ng Dios, ‘Mapisan ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako, at lumitaw ang katuyuan’; at nagkagayon” (v. 9). “sinabi ng Dios, ‘Sibulan ang lupa ng mga pananim; at nagkagayon’ (v. 11).

Sa ikaapat na araw, “sinabi ng Dios, ‘Magkaroon ng mga tanglaw sa kalawakan ng langit upang maghiwalay ng araw sa gabi; at maging pinakatanda, at pinakabahagi ng panahon, ng mga araw at ng mga taon: At maging pinakatanglaw sa kalawakan ng langit, upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa’; at nagkagayon” (vv. 14-15).

Sa ikalimang araw, “sinabi ng Dios, ‘Bukalan ng sagana ang tubig ng mga gumagalaw na kinapal na may buhay, at magsilipad

ang mga ibon sa itaas ng lupa sa luwal na kalawakan ng himpapawid. At nilikha ng Dios ang malalaking hayop sa dagat, at ang bawa't may buhay na kinapal na gumagalaw, na ibinukal na sagana ng tubig, ayon sa kani-kaniyang uri at ang lahat na may pakpak na ibon, ayon sa kanikaniyang uri; at nakita ng Dios na mabuti” (vv. 20-21).

Sa ika-anim na araw, “sinabi ng Dios, ‘Bukalan ang lupa ng mga may buhay na kinapal, ayon sa kanikaniyang uri ng hayop’... at nagkagayon... sinabi ng Dios, ‘Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis’...nilalang Niya sila na lalaki at babae... At nakita ng Dios ang lahat ng kaniyang nilikha, at, narito, napakabuti...” (vv. 24-31).

“At nang ikapitong araw ay nayari ng Dios ang kaniyang gawang ginawa, at nagpahinga ng ikapitong araw sa madlang gawa niyang ginawa. At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin, sapagka’t siyang ipinagpahinga ng Dios sa madlang gawang kaniyang nilikha at ginawa” (*Genesis 2:2, 3*).

Nagsalita lamang ang Dios at ito ay naganap. Nilikha ng ating Dios na Manlalalang nang may malalim na pagpansin sa detalye, balanseng proporsyon

at nakamamanghang ganda. Walang naiwan na hindi tapos.

Hinubog ng Dios ang unang tahanan nang walang kaparang pag-alala at pag-ibig. Ang unang tahanan ay inilalarawan sa pamamagitan ng Kanyang paglikha ng kasal (pagsasamang mag-asawa), Kanyang panukala para sa edukasyon at ang Kanyang presensya sa isang mahalagang pagdiriwang.

Nilikha ng Dios ang Kasalan (Pagsasamang-Mag-asawa)

Nilikha ng Dios ang lalaki sa pamamagitan ng Kanyang sariling mga kamay at nagwika, “At sinabi ng Panginoong Dios, Hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa; siya’y ilalalang ko ng isang katulong niya” (*Genesis 2:18*). Ang nilikha ng Dios na katulong ng lalaki ang mangungusap ng marami tungkol sa pag-ibig at kasal nang walang hanggan. Maaari sanang lumikha ang Dios ng anomang nilalang na gugustuhin Niyang maging mapagmahal na kapareha para sa lalaki. Ang wika ng Kasulatan kinuha ng Dios ang isang tadyang mula sa lalaki at ginawang babae. Dinala Niya ang babae sa lalaki. Pinagpares ng Dios ang lalaki at babae nang magkasama.

“Kaya’t iiwan ng lalaki ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa

kaniyang asawa; at sila'y magiging isang laman. At sila'y kapwa hubad, ang lalaki at ang kaniyang asawa, at sila'y hindi nagkakahiyaan" (*Genesis 2:24, 25*). Sinadya ng Dios na ang asawang lalaki at kanyang asawang babae ay walang anomang itatago sa isa't isa.

Ibinigay ng Dios sa unang ikinasal na mag-asawa ang kanilang mandato: "Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa" (*Genesis 2:28*).

Itinalaga ng Dios ang DNA ng kasal:

1. Nilikha ng Dios ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at sa isang babae.
2. Ang Dios mismo ang nagdala sa kanilang magsama. Pinili ng Dios ang dalawang ito para sa isa't isa.
3. Nilayon ng Dios na ang kasal ay maging "mabunga" at kalakip ang pagpaparami-na maghahatid ng mga anak mula sa itinalagang sekswal na pagkakaisa. Ang kasal ay di nagtatapos sa kanyang sarili. Kapag ang mag-asawa ay di magkaroon ng mga anak, magpapatuloy sila sa kanilang magandang potensyal na pagpalain ang bagong henerasyon

sa kanilang kapaligiran sa pamamagitan ng kanilang pag-ibig, pagtuturo at pagtataguyod!

4. Tinagubilinan sila tungkol sa kung paano ibigin ang isa't isa. Nilikha Niya ang unang mag-asawa ng dalawang magkatumbas na mga katawan na angkop na angkop na magsama na magbubunga ng isang pamilya. Nilikha silang hubad at hindi nahihiya. Kanilang igagalang, pahahalagahan at kawiwilihan ang isa't isa, walang itinatagong anoman sa isa't isa.

Ang Unang Paaralan

1. Ang Dios ang unang guro, sina Adan at Eva ang unang mga mag-aaral. Tinuruan sila sa kanilang unang tahanan, ang Halamanan ng Eden. Dumarating ang Dios sa kanilang tahanan.
2. Tinuruan sila ng Dios kung paano alagaan ang lupa. Ito ang unang paaralan ng kapaligiran.
3. Sinabi sa kanila ng Dios na supilin at magkaroon ng kapamahalaan sa lahat ng nilikhang may buhay.
4. Inilagay sila sa Halamanan ng Eden na may panukala para sa tao na “alagaan at ingatan ito” (*Genesis 2:15*). Hindi lang basta gagamitin ang lupa kundi maging katiwala at “taga pag-ingat nito”.

Ang Unang Pagdiriwang na Magkasama

Ang unang buong araw na naranasang magkasama nina Adan at Eva ay ang ikapitong araw pagkatapos ng anim na araw ng paglikha sa daigdig. Ipinagdiwang ng unang mag-asawa ang unang Sabbath kasama ng Dios, na sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa, naging huwaran kung paano ipagdiwang ang ikapitong araw. Ginawa ng Dios ang tatlong bagay:

1. “At nang ikapitong araw ay nayari ng Dios ang kaniyang gawang ginawa; at nagpahinga ng ikapitong araw sa madlang gawa niyang ginawa” (*Genesis 2:2*).
2. “At binasbasan ng Dios ang ikapitong araw at kaniyang ipinangilin” (*v. 3*).
3. At sa huli, “pinabanal” ang ikapitong araw (*v 3*). Ginagawang banal ng Dios ang mga bagay sa pamamagitan ng Kanyang Presensya. Naroroon ang Dios sa kalagitnaan ng halamanan kasama ng mga taong Kanyang nilalang!

Ang ikapitong araw na pahinga’y inilagay bilang pangwakas sa paglikha upang ibigay sa lahat ng mga nilikha at sa lupa din mismo ang isang pangkalusugang paghintong nilikha ng Dios. Ito ang araw para sa lahat ng mga nilikha na alalahanin ang Manlalalang. Mula sa pasimula, pinanukala ng Dios para sa tao at lupa na

magkaroon ng isang araw na paghinto, upang magpahinga, at upang maibalik ng Manlalalang mismo.

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Ano ang pinapahalagahan mo tungkol sa unang tahanan?
2. Ano ang ating natutunan tungkol sa mga sumusunod na katotohanan sa Genesis 1 at 2?
 - Pag-ibig ng Dios?
 - Pag-ibig at kasal?
 - Pangangalaga sa ating kapaligiran?
 - Lingguhang pagpapahinga?
3. Paano tayo maaaring mabuhay sa mga katotohanang ito ngayon?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Suriin ang inyong tahanan sang-ayon sa DNA ng unang tahananang Nilikha ng Dios. Tanungin ang sarili: Paano magkatulad ang aking tahanan sa unang tahanan? Paano ito naiiba?

Tanungin ang Dios: Ano ang gusto mong gawin sa aking tahanan?
Sundin ang pangunguna ng Dios.



Umibig
TULAD NI
CRISTO

Umibig Tulad ni Cristo

KABANATA 2

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Anong isang salita ang pinakamahusay na maglalarawan ng iyong nakaraang isang linggo?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

Narito ang 7-Araw na Hamon mula sa nakaraang linggo. Magkaroon tayo ng ilang sandali upang ibahagi kung paano ipinamuhay ang hamon na ito sa ating mga buhay sa nakaraang pitong araw.

Suriin ang inyong tahanan sa pamamagitan ng DNA ng unang tahananang nilikha ng Dios.

Tanungin ang inyong sarili: Paano magkatulad ang aking tahanan sa unang tahanan? Paano ito naiiba?

Tanungin ang Dios: Ano ang gusto ninyong gawin sa aking tahanan?

Sundan ang pangunguna ng Dios.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Kaninong kasal ang hinahangaan mo sa inyong komunidad? Anong mga katangian mayroon ang kasal na iyon? Tuklasin ngayon kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios tungkol sa pag-ibig sa inyong tahanan.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin para sa pag-ibig ni Cristo na pagpalain ang bawat isa.

TUKLASIN

Pabilis nang pabilis ang pagtibok ng aking puso habang aking binabantayan ang likurang pinto ng iglesia. Tiningnan ko ang aking relo at lumunok upang mapawi ang tila nakabara sa aking lalamunan mula sa nararamdamang panganib. At sumapit ang sandali! Darating ba siya sa oras? Nakahanda ba siya? Ang likurang pinto ay bumukas, at ang aking babaeng pakakasalan, ang reyna ng aking puso ay pumasok sa pintuan at lumakad sa gitna. Habang palapit, siya nang palapit, ang kanyang ngiti ang nagpaliwanag sa aking mukha!

Sa ilang mga taon naging magkaibigan kami, naglalakad na magkasama, magkasamang nag-uusap at ibinabahagi ang aming pag-ibig para kay Jesus nang magkasama. Sa pamamagitan ng maraming panalangin, ipinakita sa amin ng Dios na dinala niya kami sa isa't isa upang mahalin ang isa't isa at paglingkuran. Siya nang magkasama bilang mag-asawang lalaki at babae. Hinintay namin ang araw ng kasalang ito. Ipinanalangin namin ito. May pagmamamahala na pinanukala namin ang

kasalan mula sa pasimula hanggang sa katapusan – pinakikinggan ang isa't isa, nagtatala, nanalangin at naghahanda para sa pagdiriwang na magpapatunay sa Kanya na may akda ng aming pag-ibig.

Di kalaunan sa oras ng kasalan, bumaling sa akin ang pastor at tinanong ako kung tatanggapin ko si April bilang aking asawa, na iibigin siya sa pagkakasakit at sa kalusugan, at ipagkakaloob ang aking pag-ibig sa kanya nang habang buhay. Tinuruan ako ng pastor noong una pa kung ano ang aking sasabihin. Ang isasagot ko lang ay ang simpleng “I do.” Pero dahil, sa labis na kagandahan ng aking mapapangasawa at kung paano ako pinagpala ng Dios na matagpuan siya, sa kagalakan bigla kong nasabi, “I SURELY do”!

Pagkalipas ng 32 taon, mas higit ang katiyakan ko kaysa noong araw ng aking kasal na inakay ako na matagpuan si April. Naging magsing-irog, magkasama habang nabubuhay, at magkatuwang sa pananampalataya. Ang pakasalan si April ang pangalawang pagpapasya sa aking buong buhay--pangalawa lamang sa pagpiling sundin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

Ang kasal, bilang nilikha ng Dios, ay isang pagsasamang naglalarawan ng Kanyang

dakilang pag-ibig. Sa paglikha mismo ng babae, itinuro ng Dios kay Adan kung paano siya pahalagahan. Ipinahayag ng Kasulatan na “kaya’t pinatulog nang mahimbing ng Panginoong Dios ang lalaki at habang siya’y natutulog kinuha ang isa sa kaniyang mga tadyang at pinapaghilom ang laman sa dakong yaon. At ang tadyang na kinuha ng Panginoong Dios sa lalaki ay ginawang isang babae, at ito’y dinala niya sa lalaki” (*Genesis 2:21, 22*).

Hinulma ng Dios ang unang babae mula sa isang tadyang ng lalaki, na nagbibigay proteksyon sa kanyang puso. Hindi nilikha ng Dios ang babae mula sa ulo ng lalaki, at hindi rin sa kanyang mga paa. Si Eva ay hindi nararapat nasa itaas o sa ibaba ni Adan bilang kanyang asawa. Na kanilang mamahalin ang isa’t isa bilang magkatambal sa pag-ibig.

Ginawang sekular ng mundo ang pag-ibig at bumaba sa pagiging pagnanasa. Itinataguyod ng mundo ang “pag-ibig” na tumatanggap.

Ang Dios ang kampeon ng pag-ibig na nagbibigay. Ipinagbibili ng mundo ang pagnanasa na ginagamit ang katawan ng lalaki at babae bilang isang bagay. Ipinagdiriwang ng Dios ang pag-ibig na

nagsasanggalang sa isa't isa at itinatatag ang isa't isa.

Iniibig ng Dios ang bawat lalaki at babae bilang Kanyang mga anak (*1 John 3:1*). Pamilyar siya sa lahat ng ating karanasan sa buhay (*Mga Awit 139:1-6*). Ang wika ng Salita ng Dios tayo'y "ganap na buo kay Cristo" (*Colossians 1:27*). Isang kaloob ang masumpungang buo kay Jesus Cristo para sa mga ikinasal, hindi pa kailanman ikinasal, diborsyado o balo. Anong napakahalagang mensaheng malaman natin lahat ito! Ang masumpungang ang ating pagiging ganap na kumpleto kay Jesus ang bumubuo ng ating kaloob-looban kung sino tayo at may impluwensyang nagagawa sa bawat pakikipagrelasyon natin sa ating buhay!

Hayagang itinataguyod ng Dios ang pag-ibig na ikinasal. Nais Niyang magkasamang maranasan ng mga lalaki at babae kung ano ang nilikha Niya para sa kanila, na ipagdiwang ang itinalagang pagkakaisa ng kasal. Ang Kasulatan ay mayroon pa ngang isang buong aklat ng Biblia na inilalarawan ang kagalakan sa ipinagkaloob ng Dios, ang sekswal na pag-ibig sa pagitan ng ikinasal na lalaki at kanyang asawang babae. Basahin ang Awit ng mga Awit ni Solomon ... at mamamangha kayo sa Manlalarang!

Ang mapagmahal na pag-aasawa ay isang ilustrasyon kung paano inibig ni Jesu Crsito ang Kanyang bayan, ang iglesia. Sa Efeso 5:21-33, itinuro sa atin ng Dios kung paano magkaroon ng kasal na tulad ng kay Cristo:

Una, bilang mananampalataya kay Cristo, kapwa dapat na “pasakop kayo sa isa’t isa sa takot kay Cristo” (v. 21).

Pangalawa, mga babae “pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa... (v. 22).

Pangatlo, mga lalaki, “ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil sa kaniya... (v. 25).

Pang-apat, gayon din naman nararapat “ibigin ng mga lalaki ang kani-kaniyang sariling asawa, na gaya ng kanilang sariling mga katawan...” (v. 33).

Panglima, gayon man ay umibig naman ang bawa’t isa sa inyo sa kani-kaniyang sariling asawa gaya ng sa kaniyang sarili; at ang babae ay gumalang sa kaniyang asawa (v. 33).

Kakaibang uri ng kasal ang nilayon ng Dios para sa mga taong nilalang! Ninais Niya ang kasal una na maglarawan ng mag-asawang napapasakop sa isa’t isa dahil sa

pagkamangha sa Kanya! Ang kasal ay hindi lugar upang itaguyod ang saliri kundi para sa pakikipagsosyo.

Kapag ang asawang lalaki at babae, bilang makatwirang taong may magkaibang pananaw at kabatiran, nagtatalo sa pagpapasyang isasagawa, kailangan magkaroon sila kapwa ng kapakumbabaang lumuhod nang magkasama sa harapan ng Dios na Manlalalang, upang hanapin ang pagkakaisa ng isa't isa at magkaroon ng nagkaisang pagpapasya sa patnubay ng Dios. Kapag nagawa na ang pasya, at patuloy pa rin na hindi magkasundo, kailangan may pundasyong kasunduan na kung sakaling dumating ang krisis, ang asawang lalaki ang gagawa ng pagpapasya, dahil siya ang may responsibilidad para rito at kakatigan o susuportahan ng asawang babae ang pasya upang walang mapanganib na katahimikan.

Ngayon, kahit ang ibulong lang ang mga salitang ang babae'y kailangang pasakop sa kanyang asawa'y nagdudulot na ito ng mainitang pagtatalo. Subalit ang mga pahayag na iya'y nakaipit sa pagitan ng panawagan ng Dios na magpasakop sa isa't isa, ang Kanyang panawagan para sa lalaking asawa na ibigin ang kanyang asawa nang may pagsasakripisyo. Kapag inibig ng lalaki ang kanyang asawang babae

nang may pagsasakripisyo, inuuna ang pangangailangan nito nang higit sa kanyang sariling pangangailangan, nagiging mas ligtas ang lalaki para sa kanyang asawa na sumunod.

Hinahamon ng Dios ang lalaki na ibigin ang kanyang asawa tulad ng pag-ibig ni Cristo sa Kanyang iglesia. Hinahamon Niya ang babae na igalang ang kanyang asawang lalaki. Napapanahong payo para sa ika-21 siglong kasalan!

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Paano umibig si Jesus? Tingnan ang Efeso 5:25-27.
2. Gaano ang posibilidad na umibig tulad ni Jesus? Tingnan ang Lucas 11:11-13 at Galatians 5:22, 23.
3. Paano mababago ng ganitong uri ng pag-ibig ang ika-21 siglo na kasalan?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Asawang lalaki:

1. Tanungin ang Dios, “Paano ko iibigin ang aking asawa nang may pagsasakripisyo?”
2. Tanungin ang iyong asawa. “Ano ang aking gagawin upang maibig ka nang may pagsasakripisyo?”
3. At pagkatapos hingin sa Dios na

bigyan ka ng pag-ibig sa iyong asawa gaya ng paglalarawan sa Efeso 5:21, 25-33, at magsimulang ibigin siya sa pamamagitan ng lahat na ipinagkaloob sa iyo ng Dios na ibigin siya!

Mga ideya ng pagpapasimula kung paano maiibig ng lalaki ang kanyang asawa nang may pagsasakripisyo:

- Bigyan siya ng pahinga: maghugas ng pinggan, magwalis ng sahig, bantayan ang mga bata.
- Kapag ikaw ay nagugutom at walang nakahandang pagkain, sorpresahin siya sa pamamagitan ng paghahanda ng pagkain para sa kanya.
- Hingin sa kanya ang talaan ng mga bagay na gusto niyang gawin mo para sa kanya. Gawin ito!
- Himukin siyang magkaroon ng ilang panahon para lang sa kanyang sarili bawat linggo. Habang ginagawa niya ito, sorpresahin siya ng iyong pagbili ng mga groserya para sa isang linggo, maglinis ng sasakyan, o mag-ayos ng anomang bagay sa bahay na gumagambala sa kanya.
- Kapag nararamdaman mong mahal mo siya at hindi naman siya, tanungin siya kung maaari mong himasin ang kanyang likod o masahihin ang kanyang mga paa...nang walang anomang agenda.

- Tanungin siya kung gusto niyang dalhin mo siya sa isang lugar para sa isang tipanan.
- Maging tapat sa iyong asawa bilang pag-ibig ng iyong buhay, pangalawa lamang sa iyong pag-ibig sa Dios.
- Tratuhan ang ibang babae bilang kapatid at wala nang iba pa.
- Makinig sa kanya nang iyong buong pansin. Ibaba ang iyong telepono.

Sa Asawang Babae:

- Tanungin ang Dios, “Paano ko iibigin ang aking asawa nang may paggalang?”
- Tanungin ang iyong asawa, “Ano ang maaari kong gawin upang ibigin ka nang may respeto?”
- At pagkatapos hilingin sa Dios na bigyan ka ng pag-ibig at respeto para sa iyong asawa gaya ng paglalarawan sa Efeso 5:21-24, 33, at magsimulang ibigin siya sa pamamagitan ng lahat na ipinagkaloob ng Dios sa iyo upang ibigin siya!

Mga ideya ng pagpapasimula kung paano ipamamalas ng babae ang kanyang pag-ibig at respeto sa kanyang asawa:

- Sabihin sa iyong asawa kung ano ang labis mong iginagalang sa kanya.
- Ituon ang sarili sa pagpapahayag kung ano ang pinapahalagahan mo tungkol sa

kanya kapag kausap siya o kapag may kinakausap siyang iba.

- Sumalungat sa iyong asawa nang pribado, hindi sa harapan ng mga bata.
- Maging tapat sa iyong asawa bilang pag-ibig ng iyong buhay, pangalawa lang sa iyong pag-ibig sa Dios.
- Pakitunguhan ang ibang lalaki tulad sa isang kapatid na lalaki wala nang iba pa.
- Samahan siya sa kanyang libangan o isport na mahalaga sa kanya labas man ito sa iyong interes.
- Irekomenda siya bilang pinakatamang taong gagawa ng anomang bagay kung saan mahusay siyang gumawa.
- Mag-ingat ng kanyang larawan sa iyong pitaka, at kung may bagong kaibigan, ipakita sa kanila ang kanyang larawan.
- Makinig sa kanya nang may pagtitiyaga nang hindi siya ginagambala.



Ang Altar
NG
PAMILYA

Ang Altar ng Pamilya

KABANATA 3

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Anong mahalagang bagay o gawain sa panahon ng iyong kabataan ang patuloy mong pinapahalagahan hanggang ngayon? Bakit?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon Asawang lalaki:

1. Tanungin ang Dios, “Paano ko iibigin ang aking asawa nang may pagsasakripisyo?”
2. Tanungin ang iyong asawang babae, “Ano ang aking gagawin upang ibigin ka nang may pagsasakripisyo?”
3. At pagkatapos hingin sa Dios na bigyan ka ng pag-ibig sa iyong asawang babae gaya ng paglalarawan sa Efeso 5:21, 25-33, at magsimulang ibigin siya sa pamamagitan ng lahat na ipinagkaloob sa iyo ng Dios na ibigin siya!

Mga ideya ng pagpapasimula kung paano magagawang ibigin ng lalaki ang kanyang asawa nang may pagsasakripisyo:

- Bigyan siya ng pahinga: maghugas ng pinggan, magwalis ng sahig, bantayan

ang mga bata.

- Kapag ikaw ay nagugutom at walang nakahandang pagkain, sorpresahin siya sa pamamagitan ng paghahanda ng pagkain para sa kanya.
- Hingin sa kanya ang talaan ng mga bagay na gusto niyang gawin mo para sa kanya. Gawin ito!
- Himukin siyang magkaroon ng ilang panahon para lang sa kanyang sarili bawat linggo. Habang ginagawa niya ito, sorpresahin siya ng iyong pagbili ng mga groserya para sa isang linggo, maglinis ng sasakyan, o mag-ayos ng anomang bagay sa bahay na gumagambala sa kanya.
- Kapag nararamdaman mong mahal mo siya at hindi naman siya, tanungin siya kung maaari mong himasin ang kanyang likod o masahihin ang kanyang mga paa...nang walang anomang agenda.
- Tanungin siya kung gusto niyang dalhin mo siya sa isang lugar para sa isang tipanan.
- Maging tapat sa iyong asawa bilang pag-ibig ng iyong buhay, pangalawa lamang sa iyong pag-ibig sa Dios.
- Tratuhan ang ibang babae bilang kapatid at wala nang iba pa.
- Makinig sa kanya nang iyong buong pansin. Ibaba ang iyong telepono.

Sa Asawang Babae:

1. Tanungin ang Dios: “Paano ko iibigin ang aking asawa nang may paggalang?”
2. Tanungin ang iyong asawa, “Ano ang maaari kong gawin upang ibigin ka nang may respeto?”
3. At pagkatapos hilingin sa Dios na bigyan ka ng pag-ibig at respeto para sa iyong asawa gaya ng paglalarawan sa Efeso 5:21-24, 33, at magsimulang ibigin siya sa pamamagitan ng lahat na ipinagkaloob ng Dios sa iyo upang ibigin siya!

Mga ideya ng pagpapasimula kung paano ipamamalas ng babae ang kanyang pag-ibig at respeto sa kanyang asawa:

- Sabihin sa iyong asawa kung ano ang labis mong iginagalang sa kanya.
- Ituon ang sarili sa pagpapahayag kung ano ang pinapahalagahan mo tungkol sa kanya kapag kausap siya o kapag may kinakausap siyang iba.
- Sumalungat sa iyong asawa nang pribado, hindi sa harapan ng mga bata.
- Maging tapat sa iyong asawa bilang pag-ibig ng iyong buhay, pangalawa lang sa iyong pag-ibig sa Dios.
- Pakitunguhan ang ibang lalaki tulad sa isang kapatid na lalaki wala nang iba pa.
- Samahan siya sa kanyang libangan o isport na mahalaga sa kanya labas man ito sa iyong interes.

- Irekomenda siya bilang pinakatamang taong gagawa ng anomang bagay kung saan mahusay siyang gumawa.
- Mag-ingat ng kanyang larawan sa iyong pitaka, at kung may bagong kaibigan, ipakita sa kanila ang kanyang larawan.
- Makinig sa kanya nang may pagtitiyaga nang hindi siya ginagambala.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Anong bagay ang pinaka makabuluhang ginawa ng iyong kamay o nilikha? Bakit? Tuklasin ngayong araw na ito kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios tungkol sa pagsamba sa inyong tahanan?

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin para sa bawat tahanan na maging makabuluhang lugar upang sambahin ang Dios.

TUKLASIN

Naala-ala ko ang dalawang mahalagang uri ng tawag sa aming tahanan: “Oras na upang kumain!” at “Oras na upang sumamba!” Inaasahang hihinto kami sa aming ginagawa at tutugon sa panawagan. Bilang bata, pupunta ako sa sala kapag narinig ang tawag ng pagsamba. Hindi ako kailanman nalito kung saan ako pupunta. Ang pagsamba sa aming tahanan ay laging parehas na lugar.

Kung minsan, magbabasa ang aking ina ng kuwentong nagpapatatag ng pananampalataya. Sa ibang pagkakataon, ang aking ama ang magbabasa ng mga kuwento sa Biblia. Ang Salita ng Dios ang pangunahing salita para sa pagsamba. Pagkatapos tutugtog ang aking ina ng mga himno sa piyano, at buong pamilya’y papalibot sa kanya at aawit. Sa huli, luluhod kaming sama-sama at mananalangin.

Hindi ko ipagpapalit sa pilak man o sa ginto ang pagsamba namin araw-araw noong panahon ng aking kabataan. May lakas, kapayapaan at katahimikan na dumarating sa aking puso mula sa pagsasama namin bilang isang pamilyang hinahanap at pinupuri ang Dios. Ang pagsamba ay tungkol lahat sa pakikipag-ugnay--sa isa’t isa at sa Dios!

Madalas ang salitang “pagsamba” ay nagdadala sa kaisipan ng larawan ng simbahan, sinagoga, mosque o templo. Iniisip natin ang maramihang pagsamba na itinatag ng mga binayarang propesyunal sa komunidad.

Ang kuwento ni Abram sa Banal na Kasulatan ay gumuguhit ng ibang larawan ng pagsamba. Ang taong ito’y iniwan ang

kanyang mga kaibigan, syudad, at bansa dahil sa panawagan ng Dios. Sa kanyang pagsunod sa utos ng Dios, tiniyak niya na ang kanyang tahanan, ang kampo, ay laging lugar ng pagsamba.

Ang wika ng Banal na Kasulatan, “At nagpakita ang Panginoon kay Abram, at nagsabi, ‘Sa iyong lahi ay ibibigay ko ang lupaing ito.’ At siya’y nagtayo roon ng isang dambana sa Panginoon na napakita sa kaniya. At mula roon ay lumipat siya sa bundok na nasa silanganan ng Bethel, at doon niya itinayo ang kaniyang tolda, na nasa kanluran ang Bethel, at nasa silanganan ang Ai: at siya’y nagtayo roon ng dambana sa Panginoon, at tinawag ang pangalan ng Panginoon (*Genesis 12:7, 8*).

Tatlong bagay ang ginawa ni Abram nang dumating siya sa Bethel:

1. Nagtayo siya ng tolda
2. Gumawa siya ng altar para sa Panginoon
3. Tinawag niya ang pangalan ng Panginoon

Ang tatlong prayoridad ang naglalarawan ng kanyang paghinto sa kanyang paglalakbay. Ang pagsamba sa tunay na Dios ay nakapaloob sa pagtatayo ng tahanan. Ang pagtatayo ng tolda at pagkatapos ang paggawa ng altar. Gayon pa man, hindi pa

ito sapat na makagawa ng altar! Tinawag ni Abraham ang pangalan ng Panginoon sa tabi ng altar. Ang pamilya, katulong at mga manlalakbay na napapadaan sa kampo ay makapangyarihang nakadarama ng Presensya ng Dios.

Lumaki si Isaac sa ganitong pagsamba, pinagmamasdan ang kanyang ama na nagtatayo ng maraming altar sa buhay na Dios at mas malamang tinutulungan niya ang kanyang ama. Narinig niya ang kanyang amang nanalangin sa tabi ng altar araw-araw sa kanyang buong buhay.

Makalipas ang ilang taon, pagkatapos na magkaroon ng sariling tahanan si Isaac, pinatunayan ng Banal na Kasulatan ang tungkol kay Isaac: “At si Isaac ay nagtayo roon ng isang dambana, at kaniyang tinawag ang pangalan ng Panginoon, at itinayo niya roon ang kaniyang tolda; at humukay doon ng balon ang mga alipin ni Isaac” (*Genesis 26:25*). Namatay si Abraham makalipas ang ilang panahon, gayon pa man ipinagpatuloy ni Isaac ang kahalagahan ng pagtatayo ng kanyang sariling tahanan na isang lugar para sumamba sa buhay na Dios!

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Kapag naiisip mo ang pagsamba sa Dios, anong lugar ang unang pumapasok sa iyong isip? Bakit?
2. Anong lugar sa inyong tahanan ang maaring lugar para sa pagsamba nang walang masyadong makagagambala?
3. Anong oras sa maghapon ang maaring panahon upang magsama-sama ang tao sa inyong tahanan upang sumamba sa Dios?

Mga Ideya Para sa Pagsamba sa Dios Nang Sama-sama:

1. Gawing maikli ang panahon ng pagsamba. Habang mas bata ang mga anak, mas maikli ito dapat. Ang tatlo o limang minuto na pakikipag-ugnay ng bata sa Dios ay mas mabuti kaysa 15-20 minuto na ang bata'y maiinip at mawawala ang interes. Ang haba ng pagsamba ay lalago sa edad ng bata.
2. Ituon ang pansin sa panahon ng pagsasama-sama ng pamilya sa Dios. Huwag gamitin ang oras sa pagsasaway o pangangaral sa kaanib ng pamilya, kundi ipagdiwang kung sino ang Dios at kung ano ang kinasasabikang gawin Niya sa inyong pamilya!
3. Gawin ang panahon na interaksyong pagsasama-sama kaysa pagbabasa lang o pangangaral.

4. Bigyan pansin ang mga sumusunod na paraan upang ang pagsamba sa Dios ay may interaksyon.
- Ibahagi kung ano ang ginawa ng Dios sa loob ng isang araw at pasalamat Siya.
 - Purihin ang Dios sa kung ano ang inibig ninyo sa Kanya.
 - Kung gusto ng inyong pamilya na umawit o tumugtog ng instrumento, purihin ang Dios sa pamamagitan ng awit.
 - Hilingin sa Dios na ipadala ang Banal na Espiritu na pagpalain ang binasa ninyo sa Biblia.
 - Lumikha ng payak, at nakapagpapasiglang aktibidad na uugnay sa mga isip at puso ng kaanib ng pamilya sa paksang makukuha sa Biblia. Gaya halimbawa:

Kasulatan: Kawikaan 3:5, 6

Paksa: Pagtitiwala

Nag-uugnay na Aktibidad: Pagpapatihulog Nang May Pagtitiwala: Isang kaanib ng pamilya ay tatayong nasa tagiliran ang braso. Maglagay ng dalawang kaanib ng pamilya sa kanyang likuran na ang mga braso'y handang saluhin siya. Anyayahan ang taong magpatihulog nang patalikod na hindi binabaluktot ang mga tuhod.

Talakayan: Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng magtiwala sa isa't isa at ano ang kahulugan ng pagtitiwala sa Dios.

Banal Na Kasulatan: Awit 119:105

Paksa: Salita ng Dios

Nag-uugnay na Aktibidad:

Sundan ang Liwanag:

Magtalaga ng isang taong hahawak ng flashlight. Humanay sa likuran ng taong itinalaga. Patayin ang lahat ng ilaw sa bahay. Buksan ang flashlight at sumunod sa lider na may hawak na liwanag.

Talakayan: Talakayin kung paano ang Salita ng Dios ay tulad sa liwanag sa kadiliman.

*Para sa karagdagang kaalaman,
pumunta sa www.indiscipleship.org*

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Gumawa ka na ba ng altar para sa buhay na Dios? Kung hindi, gawin mo ang iyong tahanang lugar para sa pagsamba sa Dios kasama ng iyong pamilya.

1. Piliin ang pinamabuting lugar sa iyong tahanan upang sambahin ang Dios nang sama-sama.
2. Linisin ang lugar mula sa mga nakakagambalang mga bagay.
3. Pumili ng oras sa maghapon upang sambahin ang Dios nang sama-sama.
4. Gawin ang panahon ng pagsamba na kaiga-igaya sa lahat ng mga edad ng miyembro ng pamilya.



Ang Modelo
NG
DEUTERONOMIO

UNANG BAHAGI

Ang Modelo ng Deuteronomio

UNANG BAHAGI KABANATA 4

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Sino ang pinakapinagtitiwalaan mo nang bata ka pa? Bakit?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

Gumawa ka na ba ng inyong altar sa buhay na Dios? Kung hindi, gawin mo ang inyong tahanan na lugar para sa pagsamba sa Dios kasama ng inyong pamilya.

1. Piliin ang pinakamabuting lugar sa inyong tahanan upang sambahin ang Dios nang sama-sama.
2. Linisin ang lugar mula sa mga nakakagambalang mga bagay.
3. Pumili ng oras sa maghapon upang sambahin ang Dios nang sama-sama.
4. Gawin ang panahon ng pagsamba na kaiga-igaya sa lahat ng mga edad ng myembro ng pamilya.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Ano ang pinakapaborito mong paraan upang matutunan ang anomang bagay na bago? Bakit?

Tuklasin ngayon kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios tungkol sa iyo at sa Modelo ng Deuteronomio.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin upang matuklasan ang paraan ng Dios na tulungan ang bagong henerasyon na mapaunlad ang kanilang personal na pananampalataya sa Dios.

TUKLASIN

Bilang bata, pinagmasdan ko ang bawat kilos ng lalaki: kung paano niya maingat na kinakain ang lahat na ilagay sa kanyang pinggan nang walang nasasayang, trinatrato niya ang kanyang asawa nang may kabaitan at respeto, kung paano niya linisin ang kanyang sasakyan, pag-aralan ang mga pagpipilian kapag bumibili, makinig sa mga taong hindi niya katulad mag-isip, at makipag-usap sa hindi kaparehas ng kanyang pagpapahalaga.

Binantayan ko kung paano ang lalaking ito pumili ng punong kahoy sa kagubatan para panggatong, kinakalkula ang daan kung saan niya intensyong bumagsak ang punong kahoy at gumawa ng ukit sa tagiliran sa

pamamagitan ng chainsaw at nagsimulang lagariin ang kabila. Nilagari niya hanggang ang puno'y magsimulang kumilos nang bahagya at pagkatapos ihihinto niya ang chainsaw at lumundag sa kabila ng daan. Nakinig ako kasama niya sa “crack” na gumambala sa katahimikan at sumama sa kanyang sigaw ng tagumpay. “Troso!” habang ang punong kahoy ay bumagsak.

Sinubukan kong lumakad gaya ng paglakad ng lalaki. Nang mapagtanto kong may lihim na lakas ng lalaking ito, ninais kong masumpungan ang kanyang nasumpungan. Sa araw-araw, linggo-linggo, buwan-buwan at taon-taon, aking binantayan ang taong itong binubuksan ang Salita ng Dios upang pag-aralan ito ng malaman ang pag-ibig at mabuhay para sa Dios. Ang taong ito'y ang aking ama. Kung ano ang kanyang itinuro sa akin, kanyang ipinamuhay.

Mayroong huwaran ang Dios para sa espirtual na pagtuturo sa ating mga anak. Ang Kanyang panukala ay mahusay na pinag-isipan, walang kapintasan, at walang hangganan. Ang paraan ng Dios para sa ating lumalaking mga anak sa pananampalataya kapag naisakatuparan, magbibigay ng impluwensya sa henerasyong darating!

Sa nakalipas na mga taon, naanod tayo nang malayo mula sa panukala ng Dios na pagsasanay sa mga kabataan. Gumawa tayo ng sariling sistemang espirtual sa pagtuturo sa mga kabataan na walang pagkakahalintulad sa orihinal na panukala ng Dios. At, tayo ang nagbayad ng halaga.

Pagdating sa pagpapasa ng pananampalataya ng Dios sa ating mga anak, madalas na pinipilit ang mga anak, pinupuno sila ng pangrelihiyong kaalaman at inaasahang kanilang makakabisa, subalit hindi para mag-isip, isagawa at gawin. Ang naging bunga sakuna.

Kadalasan ang ating mga anak ay lumaki na walang personal na karanasang nagpapabago ng buhay sa Dios. Maaaring mayroon silang anyo ng relihiyon, subalit maaaring kulang sa kapangyarihan ni Cristo na manirahan sa kanila (*tingnan ang Colossians 1:27*). Ano ang ating nakakaligtaan?

Isang Utos ang Modelo ng Dios

Sa Deuteronomy 6:1-3, nalaman natin ang panukala ng Dios na ang pag-iingat sa pananampalataya ng ating mga anak ay isang banal na utos. Ang modelo ng Dios ay hindi isang mungkahi o rekomendasyon. Panawagan Niya ito para sa pagsunod.

“Ito nga ang utos, ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na iniutos ng Panginoon ninyong Dios na ituro sa inyo, upang inyong magawa sa lupaing inyong paroroonan upang ariin: Na ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo, at sa iyong anak, at sa anak ng iyong anak sa lahat ng araw ng iyong buhay; at upang ang iyong mga araw ay lumawig. Dinggin mo nga, Oh Israel, at iyong isagawa upang ikabuti mo, at upang kayo’y dumaming maigi, na gaya ng ipinangako sa iyo ng Panginoon, ng Dios ng iyong mga magulang, sa lupaing binubukalan ng gatas at pulot” (*Deuteronomy 6:1-3*).

Nangako ng Bunga ang Modelo Ng Dios

Tatlong henerasyon ng paglakad kasama ng Dios: “na ikaw ay matakot sa Panginoon mong Dios, na iyong ingatan ang lahat niyang mga palatuntunan at ang kaniyang mga utos, na aking iniutos sa iyo” (v. 2)

1. Mas mahabang buhay: “upang ang iyong mga araw ay lumawig” (v. 2)
2. Kaloob na tagumpay ng Dios: “at sa iyong ikabuti” (v. 3)
3. Ang dumaraming pamilya: “at upang kayo’y dumaming maigi” (v. 3)

Ang Modelo ng Dios: Deuteronomy 6:4-9

“Dinggin mo, Oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon: At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso; At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuang-daan”
(Deuteronomy 6:4-9).

Sa anim na mga talata, nagbibigay ng paraan ang Panginoong Dios upang maingatan ang ating mga anak, at kanilang mga anak na lumakad kasama ng Dios. Ang banal na panukalang ito ay simple, gayon pa man malawak ang kabuuan. Tumutukoy ito sa pinaka-ugat kung bakit madalas nating nakikita ang ating mga anak na nawawala ang pananampalataya – winalang halaga natin ang tahanan bilang sentro ng pagdidisiplina para sa ating mga anak. Pinalitan natin ng mga programa ang mga magulang bilang may pangunahing tungkulin sa pagdidisiplina.

Modelo ng Dios, Unang Bahagi:

Deuteronomy 6:4-6

Ang unang bahagi ng Modelo ng Deuteronomio, talata 4-6 ay nakatuon sa bawat indibidwal na personal na muling pagkabuhay sa Dios.

1. “Dinggin mo, Oh Israel” (v 4).

Ang modelo ng Dios ay tinatawagan ang Israel at ang lahat sa kabuuan – bata at matanda. Ang bayan ng Dios sa lahat ng kapanahunan ay may responsibilidad na itaguyod ang mga magulang sa pagdidisiplina ng kanilang mga anak. Ang mga bata, talubata, kabataan, nasa sapat na gulang, matatanda, retirado--lahat ay kasama sa panukala ng Dios.

2. Ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon! (v. 4).

Ang modelo ng Dios ay nilikha at ipinagtanggol ng Kanyang sarili--ang buhay na Dios! Siya ang ating Dios. Nasasabik Siya sa atin na makilala Siya ng personal, gaya ng pagkakilala Niya sa atin.

3. “At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso” (v. 5, 6).

Ang modelo ng Dios ay nananawagan sa lahat ng henerasyon na magkaroon ng pagkabuhay na muli sa buhay na

Dios bago harapin ang edukasyon ng mga kabataan. Ang pagkabuhay na muli sa Dios ay kinapapalooban ng buong pagkatao! Ang karanasang ito sa Dios ay ganap na pagbabalik sa Dios ng buong pagkatao ng isang tao at ng lahat na mayroon siya.

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

Paano natin mapapaunlad ang pag-ibig sa Dios nang higit sa ibang pag-ibig natin?

Ano ang maaaring magawang pagkakaiba sa ating buhay kung ang Dios ang pinakadakilang pag-ibig para sa atin?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Magkaroon ng araw-araw, personal na pagkabuhay na muli sa Dios. Sanayin ang apat na mga hakbang ngayong linggo sang-ayon sa tsart sa ibaba (unang araw magpasimula ngayong gabi bago kayo magtungo sa kama; sa ika-5 araw, kailangang ginagawa na ninyo ang apat na hakbang sa bawat araw).

Araw: 1-7

Pagbasa ng Biblia: Isaiah 50:4

Hamon: Magkaroon ng kasunduan sa Dios sa bawat gabi bago ka matulog: Hilingin sa Dios na gisingin ka kailanmang kailangan

ka Niya upang hindi ka magkaroon ng nag-aapurang oras habang kasama Niya sa Kanyang mga Salita at sa panalangin. Italaga sa Dios na babangon ka upang katagpuin Siya kapag ginising ka Niya.

Araw: 3-7

Pagbasa sa Biblia: Mateo 28:18; Filipos 2:5-11

Hamon: Bago gumawa ng anomang bagay isuko ang sarili kay Jesus bilang Diyos na Una sa umaga sa pamamagitan ng:

1. LAHAT ng IKAW bilang isang tao
2. LAHAT ng MAYROON ka
3. Ang iyong BUONG PAG-UUGALI

Araw: 4-7

Pagbasa sa Biblia: Juan 5:39; Mateo 7:24

Hamon: Saliksikin ang nakasulat na Salita ng Dios upang matuklasan ang sariwang larawan ni Jesus. Hilingin sa Dios na tulungan kang sanayin kung ano ang nabasa mo sa araw na iyon!

Araw: 5-7

Pagbasa sa Biblia

1. Lucas 3:17, 18
2. Juan 7:37-39, Juan 14:6
3. Mga Gawa 2:28-39
4. Mga Gawa 5:32
5. Lucas 11:11-13

Hamon:

1. Tanggapin ang bagong bautismo ng Banal na Espiritu. Ang araw-araw na bautismo ng Banal na Espiritu ang magpapabago sa iyong karakter at magbibigay sa iyo ng kapangyarihan na mabuhay bilang buhay na saksi para kay Cristo. Tingnan ang Galacia 5:22-23; Mga Gawa 1:8.
2. Lumapit kay Jesus na uhaw. Uminom. Si Jesus ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Manampalataya kay Jesus.
3. Magsisi. Mabautismuhan sa pamamagitan ng tubig tulad ni Jesus. Kung kayo'y nabautismuhan na gaya ni Jesus, muling ipagkaloob ang iyong buhay kay Jesus bilang iyong Tagapagligtas.
4. Sundin ang Dios.
5. Hilingin sa Dios ang Kaloob ng Banal na Espiritu.

*Para sa karagdagang kaalaman,
pumunta sa
www.indiscipleship.org*



Ang Modelo
NG
DEUTERONOMIO

IKALAWANG BAHAGI

Ang Modelo ng Deuteronomio

IKALAWANG BAHAGI KABANATA 5

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Magbigay ng panahon kapag ang sinoman sa inyong pamilya o iba pang kaanib ng pamilya'y nag-ukol ng oras upang turuan ka ng isang positibong leksyon.

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

Araw: 1-7

Pagbasa ng Biblia: Isaiah 50:4

Hamon: Magkaroon ng kasunduan sa Dios sa bawat gabi bago ka matulog: Hilingin sa Dios na gisingin ka kailanmang kailangan ka Niya upang hindi ka nagmamadali habang kasama ka Niya sa Kanyang mga Salita at sa panalangin. Italaga sa Dios na babangon ka upang katagpuin Siya kapag ginising ka Niya.

Araw: 3-7

Pagbasa sa Biblia: Mateo 28:18; Filipos 2:5-11

Hamon: Bago gumawa ng anomang bagay,

isuko ang sarili kay Jesus bilang Diyos na
Una sa umaga sa pamamagitan ng:

1. LAHAT ng IKAW bilang isang tao
2. LAHAT ng MAYROON ka
3. Ang iyong BUONG PAG-UUGALI

Araw: 4-7

Pagbasa sa Biblia: Juan 5:39; Mateo 7:24

Hamon: Saliksikin ang nakasulat na Salita ng Dios upang matuklasan ang sariwang larawan ni Jesus. Hilingin sa Dios na tulungan kang sanaying ugaliin kung ano ang iyong nabasa sa araw na iyon!

Araw: 5-7

Pagbasa sa Biblia

1. Lucas 3:17, 18
2. Juan 7:37-39, Juan 14:6
3. Mga Gawa 2:38-39
4. Mga Gawa 5:32
5. Lucas 11:11-13

Hamon:

1. Tanggapin ang bagong bautismo ng Banal na Espiritu. Ang araw-araw na bautismo ng Banal na Espiritu ang magpapabago sa iyong karakter at magbibigay sa iyo ng kapangyarihan na mabuhay bilang buhay na saksi para kay Cristo. Tingnan ang Galacia 5:22-23; Mga Gawa 1:8.
2. Lumapit kay Jesus na uhaw. Uminom. Si Jesus ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Manampalataya kay Jesus.

3. Magsisi. Mabautismuhan sa pamamagitan ng tubig tulad ni Jesus. Kung kayo'y nabautismuhan na gaya ni Jesus, maaaring muling ipagkaloob ang inyong buhay kay Jesus bilang inyong Tagapagligtas.
4. Sundin ang Dios.
5. Hilingin sa Dios ang Kaloob ng Banal na Espiritu.

*Para sa karagdagang kaalaman,
pumunta sa
www.indiscipleship.org*

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Sino ang inyong paboritong guro habang ikaw ay lumalaki? Bakit?

Tuklasin ngayon ang sinasabi ng Salita ng Dios tungkol sa pamumuhunan sa inyong mga anak?

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin sa Dios na tawagan ang bawat isa na maging tagapagturo ng bagong henerasyon.

TUKLASIN

Pumapatak ang ulan na parang tinatambol ang aming bubungan. Maaaring labindalawang taong gulang ako at ang aking nakababatang kapatid na babaeng si Lauree, ay nasa pitong taong gulang. Kapwa kami nakatingin sa labas ng bintana habang ulan nang ulan nang ulan. Hindi ito tumitigil.

Lumapit si Mom at masayang nagwika, “Lumabas tayo sa ulanan!”

“Kailangan bang kunin ang ating mga payong?” ang tanong namin sa kanya nang may pagtataka.

“Hindi. Hindi natin kailangan ang mga ito.”

“Saan tayo pupunta?” ang tanong namin sa kanya.

Tiningnan niya kami at napangiti. “Tayo’y maglalakad sa ulanan.” Sinabi niya ang isang katotohanan na para bang ito ang pinakanormal na bagay para gawin ng isang tao tuwing umuulan.

Kaya lumabas kami sa aming jeans at t-shirts at sapatos na pan-tennis at sa ilang saglit nabasa na kami. Napatawa si

Mom. Tumawa kami nang mahina habang sinusundan siya sa aming magaspang na daanan hanggang sa kakahuyan at hanggang sa Boiling Springs Road. Naglakad kami sa tabi ng kalsada hanggang sa makakita si Mom ng isang malaking punongkahoy na natumba nang bahagya.

“Akyatin natin ang punong kahoy na iyon at umawit tayo sa ulanan.” Ang mungkahi ni Mom. Si Lauree at ako’y nasabik! Inakyat naming tatlo ang punongkahoy at umupong nakalawit ang aming mga binti nang mataas sa lupa.

Wika ni Mom. “Umawit tayo!” Umawit kami ng tungkol kay Jesus at sa pag-ibig Niya sa atin. Habang bumubuhos ang ulan nang ubod lakas, umawit kami nang ubod ng lakas din. Habang dumadaan ang mga sasakyan sa ilalim namin, tumawa kami at kumaway sa mga taong nakatingin sa aming di makapaniwala. Ipinalagay naming iniisip nila: “Anong uri ng ina ang aawit kasama ng kanyang mga anak sa itaas ng natumbang punongkahoy sa ulanan?”

Ang umawit na kasama ang aming ina sa ulanan ay isang malaki at nakagagalak na leksyon ng buhay para sa amin bilang mga bata. Natutunan naming okey na mabasa sa ulan, na ang ulan ay isang bagay na dapat mahalin at di-kainisan. Natutunan

namang maari kaming umawit ng papuri kay Jesus kahit ang ula'y bumubuhos sa amin na parang ilog. Anong kahanga-hangang ina mayroon kami!

Sa huling leksyon nalaman nating tinatawagan tayo ng Dios sa modelo ng Deuteronomio upang personal na ipamuhay ang ating pananampalataya sa Kanya. Nangangailangan ito ng araw-araw na personal na pagbabagong buhay sa Dios sa pamamagitan ng Kanyang Salita at panalangin. Kung hindi natin ipinamumuhay ang ating pananampalataya sa Dios nang personal, walang kapangyarihan ang ating mga salita upang bigyan ng inspirasyon ang ating mga anak na ipamuhay ang kanilang pananampalataya sa Dios.

Modelo ng Dios, Ikalawang Bahagi: Deuteronomy 6:7-9

“At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuang-daan”
(Deuteronomy 6:7-9).

1. “At iyong ituturo ng buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon” (*Deuteronomy 6:7*).

Ang modelo ng Dios ay nanawagan sa mga magulang na ituro ang Kanyang Salita sa kanilang sariling mga anak sa kanilang mga tahanan. Ito ang isang modelong ating nakalimutan. Gumawa tayo ng ibang paraan upang turuan ang ating mga anak tungkol sa pagpapahalagang moral.

Ngayon, madalas nating tinitingnan ang sistema ng paaralan upang magturo sa ating mga anak ng nagtatagal na prinsipyo. Kung mayroon tayong pananampalataya, maaari tayong tumingin sa mga programa ng simbahan, mosque, o sinagoga upang ipasa ang prinsipyo sa ating mga anak na lalaki at babae. Maaring may kagalakang magbayad ng dagdag na halaga upang kumuha ng sinomang personal na magtuturo sa ating mga anak kung paano tumugtog ng violin, gumuhit o manguna sa isport, ngunit parang hindi kailanman magkaroon ng oras upang turuan sila ng may kalaman sa walang hanggang pagpapahalagang moral mula sa ating sarili.

Pansinin ang mga oras sa isang araw na binabanggit sa paraan ng Dios ng pagtuturo sa mga bata:

- a. “Pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay” Kailan maaaring umupong magkakasama ang isang pamilya?
 - Oras ng kainan
 - Nagkukuwentuhan
 - Pagsamba
 - Naglalaro
 - Nanonood ng isang bagay sa screen
- b. “Pagka ikaw ay lumakad sa daan”
 - Paglalakad sa kalikasan
 - Nag-eehersiyó
 - Naglalakad mula sa iyong sasakyan, taxi, bus o subway para sa nakatakdang usapan
- c. “Pagka ikaw ay nahihiga”
 - Pag matutulog na sa gabi
 - Ang pagtatapos ng araw ay magandang panahong tanungin ang inyong mga anak: “Ano ang pinakagusto mo sa araw na ito? Ano ang pinakamahirap na bahagi ng iyong araw ngayon? Paano kita ipapanalangin?”
- d. “Pagka ikaw ay bumabangon”
 - Pagbangon o pagkagising sa umaga
 - Ang simula ng araw ay nagbibigay

sa iyo ng pagkakataong ipanalangin ang inyong mga anak, sabihin sa kanila ang iyong pag-ibig sa kanila at bigyan mo sila ng isang yakap.

2. At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo” (*Deuteronomy 6:8*).

Ang modelo ng Dios ay nananawagan sa lahat ng kapanahunan na kanilang ingatan ang Kanyang Salita kapwa sa kanilang isip at sa kanilang mga gawa. Ang Salita ng Dios, gaya ng pagkabasa, pagka-unawa, pagkapanalangin, kinabisa, inawit at isinakatuparan ang siyang papatnubay sa kaisipan at sa pagkilos.

Mga Ideya:

Maghanap ng mga talata sa Biblia na ginamit sa awit. Awitin ito!

Kumuha ng paboritong teksto sa Biblia at lumikha ng inyong sariling himig para sa teksto at awitin ang Salita ng Dios sa kilalang himig.

Magtala ng mga katanungan tungkol sa Dios at sa Biblia para sa mga bata. Itala ang susing salita na makatutulong sa iyong hanapin ang teksto sa Biblia na sasagot sa mga tanong. Tingnan ang iyong mga susing salita sa Bible concordance at basahin ang alin mang teksto na nakatala sa ilalim ng

iyong susing salita. Itala ang alin mang natuklasang ginagawang magkasama.

Kumuha ng pangako sa Biblia, at ipanalangin ang pangako pabalik sa Dios. Gaya halimbawa: Tingnan ang Santiago 1:5: “Nguni’t kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito’y ibibigay sa kaniya.” Ang ipanalangin ang pangakong pabalik sa Dios, maaaring ganito ang iyong sabihin: “Amang Dios, Salamat sa Inyong pangakong pagkakalooban Ninyo kami ng karunungan kapag hiningi namin ito sa Iyo. Hinihiling namin ang karunungan sa oras ding ito, upang malaman namin kung ano ang dapat gawin (Sabihin ang isyu. Gaya halimbawa: nawawala ang takdang aralin ni Sarah, may bagong kaibigan si Tom, trabaho ni Inay atbp.) Salamat po sa pagdinig at pagsagot sa aming panalangin para sa karunungan. Sa pangalan ni Jesus, Amen.”

Magkabisa ng pangako sa Biblia nang magkasama. Hilingin sa mga batang maghanap ng mga teksto sa Biblia na gusto nilang makabisa ng pamilya. Bigkasin ito nang sabay-sabay minsan sa isang araw sa loob ng isang linggo. Pag-usapang sama-sama kung ano ang kahulugan sa bawat isa.

Magbasa ng maikling katuruan sa Biblia nang sama-sama. Bigyan ng blankong papel ang bawat isa na may kasamang ballpen o may kulay na lapis o krayola. Anyayahan ang bawat isa na gumuhit ng larawan kung ano ang kahulugan sa kanila ng talata sa Biblia at sumulat ng maikling kapsyon kung paano nila pinanukalang gawin ito. Isabit ang mga larawan sa bahay.

Mag-isip ng sinomang nangangailangang pasiglahin. Manalanging magkasama, at hilingin sa Dios na ipaala-ala sa iyo ang isang pangako sa Biblia na makakapagpasigla sa partikular na taong ito. Tawagan sa telepono ang taong ito. Basahin ang pangako sa kanya at manalanging tuparin ng Dios ang pangako.

3. “At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuang daan” (*Deuteronomy 6:9*). Ang modelo ng Dios ay upang maging patotoo sa lahat na pumapasok sa inyong tahanan o dumadaan sa harapan ng iyong bahay. Ang bawat tahanan ay isang patotoo. Ang ilang mga tahanan ay nagpapatotoo sa kapangyarihan ng pera o posisyon. Ang ilang tahanan ang nagpapatotoo sa kanilang dinadanas na kabiguan.

Ano ang patotoo ng inyong tahanan?

Maaaring elegante o payak at may Presensya ng Dios. Ang sukat ng bahay ay di nagdidikta ng impluwensya ng tahanan. Hindi kayamanan o kahirapan ang pumipigil sa presensya ng Dios kapag nagpasakop ang tao sa Kanya. Ang Dios ay sumasa malalaking bulwagan gayundin sa masisikip na mga kuwarto.

Ang mapagmahal na paraan ninyo ng pagsasalita sa isa't isa sa inyong tahanan ay palatandaan ng Presensya ng Dios. Ang simpleng mga gawa ng paglilingkod na ginawang may kabaitan ang nagtuturo nang higit sa mga bisita sa Presensya ng Dios. Hindi ang kawalan ng paghihirap o kawalan ang gumagawa ng lugar ng biyaya at kapayaan, kundi dahil sa pag-ibig, pananampalataya at pagpapatawad na isinakabuhayan at ipinapahayag, kahit sa pinakamasamang panahon.

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Anong oras sa araw at sa anong gawain masusumpungan mong handang tumuklas ang iyong mga anak tungkol sa Dios?
2. Paano mo matutulungan nang higit ang iyong mga anak na tuklasin at lumago sa Dios?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Ituro ang Salita ng Dios sa iyong sariling mga anak. Narito ang paraan kung paano turuan ang iyong mga anak na mag-aral ng Biblia para sa kanilang sarili nang may sukdulang benepisyo.

1. Bago buksan ang inyong Biblia, manalangin para ipadala ng Dios sa inyo ang Banal na Espiritu na patnubayan kayo sa katotohanan. Tingnan ang Juan 16:13. Sino ang Katotohanan? Tingnan ang Juan 14:6.
2. Pag-aralan ang talata sa Biblia na kay Jesus nakatuon. Maghanap ng talata na makatutulong sa iyong malaman ang higit pa tungkol kay Jesus at Kanyang karakter, Kanyang paraan, Kanyang buhay at Kanyang sakripisyo. Tingnan ang Juan 5:39.
3. Kaagad-agad sanayin ang leksyon na iyong nabasa sa iyong sariling buhay sa loob ng maghapon. Tingnan ang Mateo 7:24.
4. Ibahagi ang iyong natutunan sa sinoman bawat araw! Maging ilaw o liwanag sa iba. Tingnan ang 5:14-16.

5. Sa bawat araw, tanungin ang bawat kaanib ng pamilya kung ano ang kanilang natutunan tungkol kay Jesus sa Kanyang Salita. Tanungin: “Sino ang iyong babahaginan ng magandang balita ngayong araw na ito?”



*Ang Mga
Bato*

NG ILOG

Ang Mga Bato ng Ilog

KABANATA 6

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Ano ang isa sa paborito mong alaala mula sa iyong pagkabata?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

Ituro ang Salita ng Dios sa iyong sariling mga anak. Narito ang paraan kung paano turuan ang iyong mga anak na mag-aral ng Biblia para sa kanilang sarili nang may sukdulang benepisyo.

1. Bago buksan ang inyong Biblia, manalangin para ipadala ng Dios sa inyo ang Banal na Espiritu na patnubayan kayo sa katotohanan. Tingnan ang Juan 16:13. Sino ang Katotohanan? Tingnan ang Juan 14:6.
2. Pag-aralan ang talata sa Biblia na kay Jesus nakatuon. Maghanap ng talata na makatutulong sa iyong malaman ang higit pa tungkol kay Jesus at Kanyang karakter, Kanyang paraan, Kanyang buhay at Kanyang sakripisyo. Tingnan ang Juan 5:39.
3. Kaagad-agad sanayin ang leksyon na iyong nabasa sa iyong sariling buhay sa

loob ng maghapon. Tingnan ang Mateo 7:24.

4. Ibahagi ang iyong natutunan sa sinoman bawat araw! Maging ilaw o liwanag sa iba. Tingnan ang Mateo 5:14-16.
5. Sa bawat araw, tanungin ang bawat kaanib ng pamilya kung ano ang kanilang natutunan tungkol kay Jesus sa Kanyang Salita. Tanungin: “Sino ang iyong babahaginan ng magandang balita ngayon araw na ito?”

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Ipakita ang isang bagay na nasisiyahan kang ipunin/kolektahin.

Tingnan kung sino ang makakahula kung ano ang gusto mong ipunin. Ibahagi kung bakit gusto mong ipunin ang bagay na ito. Tuklasin ang sinasabi ng Salita ng Dios tungkol sa pag-ala-ala sa Kanya.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin na ang bawat isa’y maala-ala kung ano ang ginagawa ng Dios para sa kanila sa oras na ito.

TUKLASIN

Madaling lumimot. Ang nakikitang nagpapabago ng buhay sa isang saglit ay maaaring mapawi sa susunod na segundo dahil sa pagdating ng maraming

impormasyon, pagpipilian at pagkakataon. Mabilis nating nalilimutan kung ano ang nagpasigla sa ating mga puso.

Pumapagitna ang Dios sa ating buhay sa di-mabilang na paraan. Madalas, hindi natin kailanman napapansin. Kahit batid natin ang Kanyang Pangangalaga, maaari nating ipagwalang bahala kung ano ang Kanyang nagawa sa atin kapag nahaharap tayo sa ilang bagong krisis na parang hindi natin kayang harapin.

Super ang kasabikan ni Litisha na magtungo sa Taiwan upang magturo ng English at Bible. Nasa desperadong sitwasyon siya. Hapon na ng Biyernes. Ang kanyang paglipad ay nakatakda nang Martes mula Chattanooga, Tennessee, subalit ang kanyang visang ipinangakong darating ng Biyernes ay hindi pa dumarating. Nang tawagan niya ang UPS, sinabi kay Litisha na ang kanyang pakete'y nagkamaling naipadala sa Louisville, Kentucky. Nang araw ng Lunes, ang pakete'y napunta sa Jackson, Mississippi. Sinamahan siya ng kanyang pamilya na manalangin para gumawa ang Dios ng himala.

Nang Martes, inihatid siya ng kanyang pamilya pati ang kanyang bagahe sa Chattanooga airport nang walang visa. Batid niya na hindi makakalipad nang

walang visa at isang oras na lang bago dumating ang takdang oras! Parang walang kapagka-pag-asa.

Gusto ng Dios ang gumawa ng mga imposible sa pinaka-imposibleng oras! Sa huling pinakaposibleng sandali, pumasok ang isang lalaking unipormado ng UPS sa harapan ng pintuan ng airport na may dalang pakete. Siya ang UPD manager mula sa Jackson, Mississippi. Personal siyang lumipad dala ang pakete ni Litisha at personal na dinala upang tiyakin na makakalipad siya! Bago siya tumakbo sa gate, ibinigay sa kanya ang UPS keychain at pin.

Maraming taon ang lumipas, at na kay Litisha pa rin ang keychain at pin. Dala-dala nito ang patotoo na minsan, mga taon na ang lumipas nang isang kabataang dalaga ang nakasaksi sa ginawa ng Dios. *(Hindi niya tunay na pangalan).*

Inilarawan ng Banal na Kasulatan ang panahon ng Israel, nagtitipon-tipon sa hangganan ng ipinangakong lupain ng Canaan. Sa loob ng 40 taon, tinatanaw nila ang pag-uwi ng tahanan. Napakalapit na nila gayon pa man malayo pa sa kanilang layunin.

Sa pagitan nila at ng Canaan ay ang ilog ng Jordan. Balakid ang ilog na ito sa pagtawid anomang oras sa buong taon, subalit sa sandaling iyong nakahimpil ang Israel sa pampang nito bahang-baha ang ilog Jordan. Ang ilipat ang libo-libong mga lalaki, babae, bata at mga alagang hayop sa rumaragasang agos ng tubig sa tingin pa lang ganap nang imposible. Subalit may paraan ang Dios!

At sinabi ng Panginoon kay Josue, “Sa araw na ito ay pasisimulan kong padakilain ka sa paningin ng buong Israel, upang kanilang makilala, na kung paanong ako’y sumá kay Moises ay gayon ako sasaiyo. At iyong uutusan ang mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan, na iyong sasabihin, ‘Pagka kayo’y dumating sa tabi ng tubig ng Jordan, ay tumigil kayo sa Jordan.’”

At sinabi ni Josue sa mga anak ni Israel, “Magsilapit kayo at dinggin ninyo ang mga salita ng Panginoon ninyong Dios.” At sinabi ni Josue, “Sa ganito ay inyong makikilala na ang buhay na Dios ay nasa gitna ninyo, at walang pagsalang kaniyang itataboy sa harap ninyo ang Cananeo, at ang Hetheo, at ang Heveo, at ang Pherezeo, at ang Gergeseo, at ang Amorrheo, at ang Jebuseo. Narito, ang kaban ng tipan ng Panginoon ng buong lupa ay napasa unahan ninyo sa Jordan. Ngayon nga ay kumuha kayo ng

labing dalawang lalaki sa mga lipi ni Israel, na isang lalaki sa bawa't lipi. At mangyayari, na pagka ang mga talampakan ng mga paa ng mga saserdote na nagdadala ng kaban ng Panginoon, ng Panginoon ng buong lupa, ay titigil sa tubig ng Jordan, na ang tubig ng Jordan ay mahahawi, sa makatuwid baga'y ang tubig na bumababang mula sa itaas; at mag-iisang buntong" (*Joshua 3:7-13*).

Anong uri ng pamamaraan ito? Hinarap ng panukala ng Dios ang bawat pang-unawang lohikal na pangangatwiran at bawat kaisipan ng kaligtasan. Simpleng inutos ng Dios sa mga pari na magpatuloy at humakbang sa rumaragasang tubig ng ilog habang dala-dala ang mabigat na kaban ng tipan – nagtitiwala na agad Niyang hahawiin ang tubig at magbibigay ng tuyong daan upang mabagtas ang ilog. Sino ang may gustong gawin ito?

Pinanghawakan ng mga pari ang Salita ng Dios. Batid nila ang pangako mula sa Dios ay pangakong tinutupad. Kumilos sila sa Salita ng Dios. Ipinagsapalaran nila ang kanilang reputasyon at kanilang buhay na kumilos sa ipinangakong Salita ng Dios.

“At nangyari nang umalis ang bayan sa kanilang mga tolda, upang tumawid sa Jordan, ay nasa unahan ng bayan ang mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan;

At nang dumating sa Jordan ang mga may dala ng kaban, at ang mga paa ng mga saserdote na nagdadala ng kaban ay nabasa sa gilid ng tubig, (sapagka't inaapawan ng Jordan ang lahat niyang pampang sa buong panahon ng pag-aani), na ang tubig na bumababang mula sa itaas ay tumigil, at nag-isang bunton na malayo sa kanila, sa Adam, na bayang nasa tabi ng Sarethan: at yaong nagsisibaba sa dagat ng Araba, na dagat na Alat ay lubos na nahawi: at ang bayan ay tumawid sa tapat ng Jerico. At ang mga saserdote na nagdadala ng kaban ng tipan ng Panginoon ay tumayong panatag sa tuyong lupa sa gitna ng Jordan; at ang buong Israel ay dumaan sa tuyong lupa, hanggang sa nakatawid na lubos sa Jordan ang buong bansa” (*Joshua 3:14-17*).

Wow! Kahanga-hangang gawa ng Dios! Kung ano ang sinabi ng Dios na gagawin, ginagawa Niya. Kumilos ang mga saserdote sang-ayon sa kanilang pananampalataya sa Salita ng Dios, at pinarangalan ng Dios ang kanilang pananampalataya.

Maaaring iyon na ang katapusan ng kuwento subalit hindi. Nais ng Dios na bigyan ang Kanyang bayan, partikular ang mga bata sa hinaharap, isang paraan na di nila kailanman malilimutan kung ano ang Kanyang ginawa para sa kanila. Binigyan Niya sila ng ala-ala, biswal na paala-ala ng

himala--ang mga bato ng ilog.

At nangyari nang nakatawid na lubos sa Jordan ang buong bansa, na ang Panginoon ay nagsalita kay Josue, na nagsasabi, “Kumuha ka ng labing dalawang lalaki sa bayan, na isa sa bawa’t lipi, At iutos ninyo sa kanila, na sabihin, ‘Kumuha kayo mula rito sa gitna ng Jordan, mula sa dakong tinatayuang matatag ng mga paa ng mga saserdote’ ng labing dalawang bato, at dalhin ninyo, at ilapag ninyo sa tigilang dako, na inyong tutuluyan sa gabing ito” (*Joshua 4:1-3*).

Ipinahayag ng Banal na Kasulatan na sinunod ng Israel ang utos ng Dios tungkol sa mga bato. Isang lalaki mula sa bawat lipi ng labindalawang tribo ang humakbang sa harapan. Bawat isang tao’y pumili ng isang bato mula sa kinatatayuan ng mga saserdote sa kalagitnaan ng ilog. Dinala nila ang labindalawang bato sa dakong silangan ng ilog.

Nang matawid ng lahat ng Israelita ang ilog ng Jordan at nadala ng labindalawang lalaki ang mga bato patawid ng ilog, ang wika ng Dios “lutos mo sa mga saserdote na nagdadala ng kaban ng patotoo, na sila’y sumampa mula sa Jordan” (*Joshua 4:16*).

Sa sumunod na pangyayari, ang kalahati’y

himala mula sa Dios! Nang sandaling inihakbang ng mga saserdote ang kanilang mga paa sa tabi ng ilog, ang tubig ay mabilis na umagos upang punuin ang Ilog ng Jordan na umaapaw gaya ng dati. Ang buong Israel marahil ay nakatayo sa tabi ng ilog nagmamasid nang may pagkamangha!

Bakit iniutos ng Dios sa Israel na manguha ng ilang bato mula sa kalagitnaan ng ilog? At nagsalita si Joshua sa mga anak ni Israel, na sinasabi, “Pagka itatanong ng inyong mga anak sa kanilang mga magulang sa panahong darating, na sasabihin, Anong kahulugan ng mga batong ito? Ay inyo ngang ipatatalastas sa mga anak ninyo, na sasabihin, Ang Israel ay tumawid sa Jordang ito sa tuyong lupa. Sapagka’t tinuyo ng Panginoon ninyong Dios ang tubig ng Jordan sa harap ninyo, hanggang sa kayo’y nakatawid, gaya ng ginawa ng Panginoon ninyong Dios sa Dagat na Mapula, na kaniyang tinuyo sa harap namin, hanggang sa kami ay nakatawid; Upang makilala ng lahat na mga bayan sa lupa ang kamay ng Panginoon, na makapangyarihan; upang sila’y matakot sa Panginoon ninyong Dios magpakailan man” (*Joshua 4:21-24*).

Para sa darating na henerasyon, ang mga bato ay magiging paala-ala kung ano ang ginawa ng buhay na Dios upang hawiin ang bumahang Jordan para sa Kanyang

bayan! Ang mga bato ay isang kagamitang nagtuturo, partikular sa mga ama na gamitin sa pagtuturo sa kanilang mga anak na ang Dios ay makapangyarihan. Ang kuwento ng mga bato sa ilog ay magbibigay ng inspirasyon sa bawat henerasyon na mamangha sa Dios at maglingkod sa Kanya nang walang hanggan!

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Ano ang nariyan sa inyong bahay na nagpapaala-ala sa inyo kung kailan kayo pinagpala ng Dios sa anomang kaparaanan? Ano ang kuwento?
2. Anong positibong bunga ang maaaring mangyari kung inyong ipakita ang maliit na ala-ala ng katapatan ng Dios sa kabuuan ng inyong tahanan at mapag-usapan nang madalas ang tungkol sa ginawa ng Dios para sa inyo?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Maglagay ng isang tanda ng ala-ala ngayong linggong ito. Magsimulang magsanay ng pag-iipon ng maliit na bato o ilang pantanda ng ala-ala mula sa lugar kung saan ang Dios ay nagbigay at pumagitna para sa iyo. Ilagay ang mga pantanda ng ala-ala sa isang lantad na lugar ng inyong tahanan. Ipunin ang inyong pamilya nang madalas upang pagmasdan ang mga “bato ng ilog” at muling isaysay ang kuwento kung ano ang ginawa ng Dios sa inyo!



Isaysay Mo
ANG IYONG
KUWENTO

Isaysay Mo ang Iyong Kuwento

KABANATA 7

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Anong paborito mong silid sa inyong tahanan? Bakit?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

Maglagay ng isang tanda ng ala-ala ngayong linggong ito. Magsimulang magsanay ng pag-iipon ng maliit na bato o ilang pantanda ng ala-ala mula sa lugar kung saan ang Dios ay nagbigay at pumagitna para sa iyo. Ilagay ang mga pantanda ng ala-ala sa isang lantad na lugar ng inyong tahanan. Ipunin ang inyong pamilya nang madalas upang pagmasdan ang mga “bato ng ilog” at muling isaysay ang kuwento kung ano ang ginawa ng Dios sa inyo!

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Sino ang paborito mong kwentista nang bata ka pa? Mayroon kang 30 segundo upang sabihin bakit mahusay na kwentista ang taong ito?

Ang Dios ay Kwentista sa buong panahon.
Sinasabi Niya ang Kanyang kuwento sa
pamamagitan ninyo!
Tuklasin kung paano ka tinatawagan ng
Salita ng Dios na maging tagapagkuwento.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin na ang bawat isa'y biyayaan ng
Dios na maging kwentista para sa Kanya.

TUKLASIN

“Kuwentuhan mo ako, Lola!” Ang aking sigaw, habang si Lola Mac ay padating at pumasok sa aming pintuan para dumalaw. Nagkaroon ng yakapan at halikan, at tinulungan ko si Lola sa kanyang maliit na maleta na dalhin sa aming silid para sa panauhin. At muli, naki-usap, “Lola, magkuwento ka sa akin.” Pumunta siya sa aming sala, umupo sa sofa at tinapik ang lugar sa tabi upang doon ako umupo. Agad akong umupo sa tabi niya at nagkuwento na siya. Ang kanyang mga kuwento ay puno ng mga lion at mga tigre, tagasunod ng Dios at mga anghel.

Kapag nagsasaysay ng kanyang kuwento si Lola, parang nakikita ko ang tigreng nagtatago sa likod ng mga bato habang ang buntot ay nanginginig. Parang “naririnig” ko ang tunog ng tambol sa Africa sa kanilang tribong sayaw, parang “nalalasaan” ko

ang mga mangga at papaya. Gusto ko ang aksyon sa kanyang mga kuwento at ng hindi mapagkakamaling pangunguna at kapangyarihan ng Dios.

Habang ako'y lumalaki, nadadagdagan ang kuwento niya sa akin tungkol sa kanyang sariling buhay. Hindi siya humihinto sa pagsasaysay sa mga kuwentong nasagot na mga panalangin. Nagsasaysay siya ng mga kuwento kapag nagtataka kung nasaan ang Dios...at paano siya naniniwala sa Kanya kahit papaano. Nagsasaysay siya ng mga kuwento ng pagpapatawad gayon din mga kuwento ng kapaitan...at paano pinagaling ng Dios ang kanyang puso.

Tinuruan ako ni Lola ng marami sa pamamagitan ng kanyang mga kuwento ng pananampalataya. Naglalagay ng “pabalat” sa prinsipyo mula sa Salita ng Dios; mga deposito ng pananampalataya, maliit gayon pa man lumalago sa aking espirtual na bank account.

Madalas na ating itinatago ang ating personal na mga kuwento kung ano ang ginawa ng buhay na Dios sa ating buhay! Sinasabi nating hindi tayo kwentista, gayon pa man ating isinasaysay ang kuwento ng mga malaking isda na ating nahuhuli. Nagsasaysay tayo ng mga kuwento tungkol sa mga nagawa ng ating paboritong

koponan ng isports. Nagsasaysay tayo ng kuwento tungkol sa grabeng traffic, nasasabik sa bagong trabaho o makikipagtagpo sa kamangha-manghang tao. Sinasabi natin ang lahat na uri ng mga kuwento maliban sa kuwento tungkol sa ginawa ng Dios sa atin.

Ang Awit 78:1-4 ay nanawagan sa atin na maging kuwentista ng kapangyarihan ng Dios sa ating buhay. Sinasabi ng Salita ng Dios na huwag kaligtaang ipasa ang ating kuwento ng ating pananampalataya sa “susunod na henerasyon.” Panahon na!

“Makinig kayo, Oh bayan ko, sa aking kautusan: ikiling ninyo ang inyong mga pakinig sa mga salita ng aking bibig. Aking bubuksan ang aking bibig sa isang talinghaga; Ako’y magsasalita ng mga malabong sabi ng una: Na aming narinig at naalaman, at isinaysay sa amin ng aming mga magulang.

Hindi namin ikukubli sa kanilang mga anak, na isasaysay sa salin ng lahing darating ang mga pagpuri sa Panginoon, at ang kaniyang kalakasan, at ang kaniyang mga kagilagilalas na mga gawa na Kaniyang ginawa.”

Sinasabi ng Awit 78:5-8 sa atin kung ano ang mangyayari kapag ating ibinahagi ang

ating kuwento ng pananampalataya sa bagong henerasyon.

“Sapagka’t siya’y nagtatag ng patotoo sa Jacob, at nagtakda ng kautusan sa Israel, na kaniyang iniutos sa aming mga magulang, na kanilang ipabatid sa kanilang mga anak: Upang maalaman ng lahing darating, sa makatuwid baga’y ng mga anak na ipanganganak; na siyang magsisibangon, at mangagsasaysay sa kanilang mga anak: Upang kanilang mailagak ang kanilang pag-asa sa Dios, at huwag kalimutan ang mga gawa ng Dios, Kundi ingatan ang kaniyang mga utos: At huwag maging gaya ng kanilang mga magulang, may matigas na ulo at mapanghimagsik na lahi; isang lahing di naglagay sa matuwid ng kanilang puso, at ang kanilang diwa ay hindi tapat sa Dios.”

Ano ang sinasabi ng Dios na magiging bunga ng pagsasaysay ng ating kuwento ng pananampalataya sa ating mga anak?

1. Kanilang ikukuwento ang mga kuwento sa kanilang mga anak.
2. Kanilang ilalagay ang kanilang pagtitiwala sa Dios.
3. Hindi nila malilimutan ang Kanyang mga gawa.
4. Kanilang iingatan ang Kanyang mga kautusan.

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Basahin ang Awit 78:6-8. Anong pangakong bunga ng pagsasaysay ng kuwento ng katapatan ng Dios sa inyong mga anak ang pinaka-tangitangi sa iyo? Bakit?
2. Magdalawahang pares. Bigyan ng dalawang minuto ang bawat isa na ibahagi ang kuwento kung kailan ipinahayag ng Dios ang Kanyang katapatan sa kanila.

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Sabihin ang mga sumusunod na uri ng personal na kuwento sa inyong mga anak:

1. Panahong ipinamalas ng Dios sa iyo ang Kanyang biyaya nang nagkakamali ka.
2. Panahong tinulungan kayo ng Dios nang piliin mo ang tama.
3. Panahong hindi sinagot ng Dios ang iyong panalangin na gusto mong mangyari.
4. Panahong binigyan ka ng Dios sa sitwasyong imposible.

5. Panahon nang ipahayag sa iyo ng Dios ang isang bagay na bago tungkol sa Kanyang pag-ibig.
6. Panahong ipinakita sa iyo ng Dios ang Kanyang kabaitan mula sa mga inaasahang mga tao.
7. Panahong binigyan ka ng Dios ng kapangyarihang maging malaya mula sa isang bagay na tila isang tanikala.



Ang Mensahe
ni
ELIJAH

Ang Mensahe ni Elijah

KABANATA 8

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Magbigay ng isang salita upang ilarawan ang isang bagay na napakahalaga sa iyo.

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

Sabihin ang mga sumusunod na uri ng personal na kuwento sa inyong mga anak

1. Panahong ipinamalas ng Dios sa iyo ang Kanyang biyaya nang nagkakamali ka.
2. Panahong tinulungan kayo ng Dios nang piliin mo ang tama.
3. Panahong hindi sinagot ng Dios ang iyong panalangin na gusto mong mangyari.
4. Panahong binigyan ka ng Dios sa sitwasyong imposible.
5. Panahon nang ipahayag sa iyo ng Dios ang isang bagay na bago tungkol sa Kanyang pag-ibig.
6. Panahong ipinakita sa iyo ng Dios ang Kanyang kabaitan mula sa mga inaasahang mga tao.
7. Panahong binigyan ka ng Dios ng kapangyarihang maging malaya mula sa isang bagay na tila isang tanikala.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Kung makapagbibigay ka ng hanggang sa sampung salita sa mga lider ng daigdig ngayon din, ano kaya ang mga ito?

Tuklasin kung paanong ang Salita ng Dios ang nagbigay ng Mensahe ni Elijah.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin na sana'y makakapagsalita tayo ng may pangunguna ng Dios.

TUKLASIN

Naala-ala ko na tinawag ko ang isang campus ng Universidad para sa isang pampasiglang pagpupulong para kay Jesus. Abala ang bawat isa at walang panahon para sa pagpapanibagong buhay na pagpupulong. Subalit ang Dios ay may panahon!

Maaga bawat umaga, lumalabas ako sa ilalim ng mga bituin at tumatawag sa Dios na dalhin ang pagpapanibagong buhay na pagpupulong (revival)--na magpasimula sa akin. Pagkatapos lumingon at hinarap ang campus na ang mga braso ay nakataas sa langit at nakiusap sa Dios na tawagin ang Kanyang bayan para sa Kanya.

Narinig ng Dios. Bawat araw, tinatawag Niya akong magpasakop sa Kanya at magsisi. Bawat araw, tinatawag Niya ang Kanyang

bayan na gawin din ito. Habang ang Banal na Espiritu'y ibinuhos sa campus na iyon, ang estudyante at mga guro'y nagsimulang unahin ang kanilang paglakad kasama ang Dios. Kanilang sinaliksik ang Banal na Kasulatan upang makilala si Jesus nang higit pa. Nanalangin sila para sa bagong puso para sa Dios at sa isa't isa.

Nagsimulang ibaling ng Dios ang puso ng mga bata sa kanilang mga magulang at ang mga puso ng mga magulang sa kanilang mga anak. Ang mga batang may kimkim na hinanakit sa kanilang mga ama o ina ay binigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na patawarin ang mga di-nararapat na patawarin. Ang mga tao na may sama ng loob laban sa isa't isa nang ilang mga taon ay nakasumpong ng kagalingan at pagpapatawad.

Bata at matanda'y napalaya mula sa pagkagumon, takot at itinatanging mga kasalanan. Nakasumpong sila ng kapayapaan nang paglakas kasama ang Dios sa Kanyang Kalayaan. Nasumpungan nila ang kagalakan ng pagbabahagi ng magandang balitang ito sa kanilang mga kaibigan at pamilya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Kinuyom ni Torry ang kanyang malalaking kamao sa ibabaw ng lamesa at pinagtagis

ang kanyang mga ngipin. “Pinapalo ako ng aking ama sa araw-araw ng kanyang buhay,” ang wika niya sa akin. “Sa aking paglaki, pinapalo niya ako ng anomang bagay na kanyang masunggaban sa sandaling iyon. Madalas, pinapalo niya ako hanggang sa bumagsak ako sa lupa. Kinamumuhian ko ang aking ama, at alipin ako ng pagkamuhing iyan!”

“Gusto mo bang maging malaya?” ang tanong ko.

Bumaling si Torry sa kanyang pinggan ng pagkain at paos na bumulong, “Sa bawat araw ng aking buhay nais kong makalaya! Sa aking pagkamuhi’y nasasaktan ang lahat sa aking buhay. Ito ang pumipigil sa akin sa Dios!”

“Nag-aalok ng kaloob sa iyo si Jesus,” ang marahan kong tugon.

“Pumunta ka sa lugar kung saan ako nagtatrabaho at sabihin mo ang tungkol dito,” ang wika ni Torry.

Nang araw na iyon, nagkaroon ng operasyon sa puso si Torry! Hindi, hindi operasyon sa local na hospital, kundi operasyon mula kay Jesus. Lumuhod si Torry at hiniling kay Jesus na alisin ang pagkamuhi at kapaitan at bigyan siya ng bagong puso. Binigyan

siya ng Banal na Espiritu ng kapangyarihang isuko ang lahat niyang nararamdamang sakit sa Nagpapagaling. Tinawag siya ni Jesus at binuksan ni Torry ang kanyang puso sa Siruhano ng puso.

Habang kami'y nanalangin umagos ang luha ni Torry sa kanyang mga pisngi. Ibinukas niya ang kanyang nakakuyom na kamao at tahimik na itinaas ang mga kamay sa Dios. Parang ang oras ay huminto sandali habang ginagawa ng Dios ang Kanyang gawain. Nagkaroon ng bagong liwanag sa kanyang mga mata. “Sa wakas, malaya na ako!” siya’y huminga.

Kung ano ang ginawa ni Jesus kay Torry ay nais din Niyang gawin para sa lahat sa atin! Ang Salita ng Dios ay nagwiwika, “Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakaran ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingat ang aking mga kahatulan, at isasagawa” (*Ezekiel 36:26, 27*).

Tinatawagan ng Dios ang Kanyang bayan hindi lang upang mabuhay kundi ibahagi rin ang mensahe ng pagpapanibagong buhay.

Nagsasabi ang Matandang Tipan tungkol sa isang propeta na nagngangalang Elijah na ipinadala ng Dios na tawagin ang Israel na magbalik loob sa Kanya. Nang panahong iyon, ang pagsamba kay Baal, ang dios ng Cananeo, ay suportado at itinataguyod mula sa pinakamataas hanggang sa pinakamababa sa Israel. Ipinagpalit ng karamihan ng tao sa Israel ang buhay na Dios kay Baal. Nagkalat ang mga dambana para kay Baal sa mga kanayunan.

Inipon ni Elijah ang kanyang mga kababayan sa tuktok ng Bundok Carmelo. Itinuon ang paningin sa karamihan, matapang niyang hinamon ang buong karamihan ng tao: “Hanggang kaylan kayo mangag-aalinlangan sa dalawang isipan? Kung ang Panginoon ay Dios, sumunod kayo sa kaniya: nguni’t kung si Baal, sumunod nga kayo sa kaniya. At ang bayan ay hindi sumagot sa kaniya kahit isang salita” (*1 Mga Hari 18:21*). Kahit isa sa buong pulutong ay walang nagsalita.

Kalaunan sa araw ring iyon, inipon ni Elijah ang mga maraming tao sa kanyang paligid at sa nawasak na altar para sa buhay na Dios. Tahimik na muling itinayo ang altar mula sa nagkalat na mga bato. Natapos ang altar, naglagay ng kahoy at sakripisyo sa altar.

Inilagay ni Elijah sa panganib ang lahat nang tumawag nang malakas sa Dios na hindi na sinasamba ng pulutong ng mga tao. Nanalangin siya, “Oh Panginoon, na Dios ni Abraham, ni Isaac, at ni Israel, pakilala ka sa araw na ito, na ikaw ay Dios sa Israel, at ako ang iyong lingkod, at aking ginawa ang lahat ng bagay na ito sa iyong salita. Dinggin mo ako, Oh Panginoon, Dinggin mo ako, upang matalastas ng bayang ito, na ikaw, na Panginoon, ay Dios, at iyong pinapanumbalik ang kanilang puso” (*1 Mga Hari 18:36, 37*).

Sa ilang saglit pagkatapos manalangin ni Elijah, nagpadala ng apoy ang Dios upang sunugin ang sakripisyo at altar mismo. Namangha ang mga tao. At sumigaw sila, “Ang Panginoon ay siyang Dios; ang Panginoon ay siyang Dios” (*1 Mga Hari 18:39*).

Ang gawain ni Elijah ay naulit pagkaraan ng ilang siglo, sa misyon ni Juan, ang anak ni Zacharias. Ang wika ng Banal na Kasulatan tungkol kay Juan, “At siya’y lalakad sa unahan ng kaniyang mukha na may espiritu at kapangyarihan ni Elias, upang papagbaliking-loob ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga suwail ay magsilakad sa karunungan ng mga matuwid, upang ipaglaan ang Panginoon ng isang bayang nahahanda” (*Lucas 1:17*).

Noong 1999, sa isang malamig na gabi ng taglamig sa Michigan, narinig ko ang tawag ni Elijah na ibaling ko ang aking puso sa ating mga anak. Hindi ko narinig ang panawagang ito sa pamamagitan ng aking pangangaral ng isang sermon o mula sa kapitulo ng isang aklat. Narinig ko ang panawagan ni Elijah sa mga iyak ng aking mga anak.

Kinukuha ko ang aking mga papel at briefcase upang tumakbo palabas ng bahay para sa isang mahalagang pagpupulong upang magpanukala ng isang gusali para sa isang mas malaking iglesia. Nagmamadali ako. Sina Jason at Julie ay 6 at 3 taong gulang. Narinig nilang handa na akong umalis. Tumakbo sila upang tanungin ako, “Saan ka pupunta, Daddy?”

“Pupunta ako sa isang pagpupulong,” ang aking sagot nang may katotohanan.

“Daddy, dito po muna kayo sa bahay ngayong gabi!” Ang kanilang pakiusap. “Lagi po kayong wala! Daddy, hindi ka na po nakikipaglaro sa amin!”

Yumuko ako upang bigyan ng mabilis na yakap at halik ang aking anak na lalaki at babae. Ang kanilang maliliit na mga braso’y mahigpit na yumakap sa akin. Nang subukan kong tumayo, hindi nila ako

pinayagan umalis! Kumapit sila sa akin nang may desperasyon. Sinisikap nilang pigilan ang kanilang daddy na sobrang labis ang dedikasyon sa gawain na di-makapanatili sa bahay.

Kailangan marahan kong alisin ang kanilang mga braso sa aking leeg upang makaalis ako. Nagsimula silang umiyak. “Daddy, kahit ngayong gabi lang! Maaari po bang manatili kayo sa ating tahanan!”

Umalis ako ng bahay at isinara ang pinto. Habang naglalakad ako sa niyebe, ang larawan ng aming anak na umiiyak at nagsisikap na abutin ako’y mabigat na nanatili sa aking puso. Habang naglalakad sa niyebe, nagsalita ang Dios sa aking puso. Tinawag Niya ako sa aking pangalan. Huminto ako sa paglalakad. Nang gabing iyon, habang tahimik na bumabagsak ang niyebe sa paligid ko, tinawag ako ng Dios pabalik sa aking mga anak. Una na siyang nakipag-usap sa pamamagitan ng mga iyak at pag-ibig ng aming anak: “Daddy manatili ka sa ating tahanan!”

Napakahirap na tawag iyan para sa akin. Madalas na wala ako pitong gabi sa isang linggo, tumutulong sa iba habang kinaliligtaan ang aming sariling mga anak. Napakasakit na tawag, gayon pa man isang panawagan ng kahabagang naghatid ng

kagalingan sa pagitan namin nina Jason at Julie.

Mula sa araw na iyon at sa darating pa, nagsimula akong magsabi ng hindi sa maraming kahilingan, upang masabi ko ang oo sa aking pamilya. Hindi ito madali! Tinulungan ako ng Dios na magpasimula upang aking maingat ang aking oras sa bawat bata habang si April at ako'y inuuna ang aming panahong magkasama.

Sa simula, ang aking mga anak ay hindi interesado na makasama ako, tumanggi ako sa kanilang mga kahilingan na makipaglaro sa kanila sa maraming pagkakataon. Madalas nararamdaman kong bigo ako. Subalit ang panawagan ni Elijah ay may kasamang nagpapagaling na kapangyarihan ng Panginoon. Tinulungan ng Panginoon ang aming mga anak na patawarin ako. Literal na ibinaling Niya ang aking puso sa kanila at kanilang maliit na puso sa akin! Purihin ang Dios!

Si Juan na may parehas na kapangyarihan ng Banal na Espirito ni Elijah ay inihanda ang mga tao para sa pagdating ng Messias, si Juan, tulad ni Elijah, ay tumawag ng pagbabagong buhay. Nangaral siya, “Mangagsisi kayo; sapagka’t malapit na ang kaharian ng langit” (*Mateo 3:2*).

Tinawag ni Elias ang mga puso ng mga ama na bumalik sa kanilang mga anak. Ginawa din ni Juan ito. Ngayon, tayo ay inutusan ding gawin ang katulad na misyon.

Inihanda ni Juan ang mga tao sa unang siglo na tanggapin si Jesus bilang Messias. Ngayon, tayo'y tinatawagan na ihanda ang mga tao na tanggapin si Jesus bilang Hari ng mga hari na darating sa alapaap ng langit.

Ang paggaling ng pamilya ay mahalagang bahagi ng pagbabagong buhay. Ang pagbabago ay kailangang araw-araw na pagtibok ng puso sa ating mga tahanan. Habang nararanasan ng ating pamilya ang araw-araw na pagpapanibagong buhay kay Jesus sa pamamagitan ng Kanyang isinulat na Salita at panalangin, ang Espiritu ng Dios ay inihahanda tayo upang salubungin si Jesus sa madaling panahon!

Ngayon ang panahon na ipamuhay ang mensahe ni Elijah para sa huling araw!

1. Magbalik-loob sa Dios.

- a. “‘Gayon ma’y ngayon,’ sabi ng Panginoon, ‘magsipanumbalik kayo sa akin ng inyong buong puso, na may pag-aayuno, at may pananangis, at may pananambitan:

At papagdalamhatiin ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong hapakin,' at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi siya sa kasamaan" (*Joel 2:12, 13*).

b. Hinahamon tayo ngayon ng salita ni Jesus sa iglesia ng Efeso: "Nguni't mayroon akong laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pagibig" (*Pahayag 2:4*).

2. Maghanda upang salubungin si Jesus sa Kanyang pagdating. "Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mangabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nangabubuhay, na nangatitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. Kaya't mangag-aliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito" (*1 Mga Taga-Tesalonica 4:16-18*).

a. Basahin ang Juan 14:1-3 at Filipos

2:5-11. Maniwala kay Jesus bilang inyong Tagapagligtas at Panginoon. Magpasakop kay Jesus bilang inyong Panginoon.

- b. Basahin ang Apocalipsis 3:20.
Anyayahan si Jesus sa inyong puso na TUMIRA dito! Ituon ang pansin sa Kanya.
 - c. Basahin ang Hebreo 10:25.
Gugulin ang iyong buhay linggo-linggo sa pagtitipon kasama ng ibang nanampalataya sa Dios.
 - d. Basahin ang Mateo 24:42.
Maging alerto! Maging mapagbantay!
 - e. Basahin ang Efeso 4:32.
Patawarin ang sinomang may nagawang masama sa inyo.
 - f. Basahin ang Roma 13:8.
Umalis sa pagkakautang o pananagutan, maliban sa inyong pagkakautang o pananagutang ibigin ang ibang tao.
 - g. Basahin ang Mateo 24:14 at 28:18-20.
Humayo, sabihin sa iba ang tungkol sa magandang balita ni Jesus.
Gawin silang disipulo para sa Kanya.
Makipagsapalarang ihanda ang mga bata at matatanda na salubungin si Jesus!
3. Muling ibaling ang iyong puso sa inyong mga magulang, anak at pamilya.

- a. Basahin ang Ezekiel 36:26, 27.
Hilingin sa Dios na bigyan kayo ng operasyon ng puso upang maalis ang alin mang matigas sa inyong puso laban sa kanino mang kaanib ng pamilya at bigyan kayo ng Kanyang Espiritu para sa kanila.
- b. Basahin ang Efeso 4:29-32.
 - Magsasalita lang nang magpapatatag sa kanila.
 - Alisin ang lahat ng kapaitan laban sa kanila.
 - Magsanay ng kabaitan o kabutihan.
 - Magpatawad tulad ng pagpapatawad ni Jesus sa iyo.

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Anong bahagi ng mensahe ni Elijah ang pinaka-napapanahon sa iyo? Sa iyong pamilya? Sa iyong komunidad? Sa iyong bansa?
2. Ano ang panawagan ng Dios sa iyo na dapat gawin sang-ayon sa mensahe?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

Hilingin sa Dios tuwing umaga ngayong linggong ito na:

1. Tulungan kang bumalik sa Panginoon nang lubusan--walang anomang makakapigil.
2. Tulungan kang makapaghanda sa pagsalubong kay Jesus sa Kanyang pagdating.
3. Bigyan ka ng biyaya na muling ibaling ang iyong puso sa iyong magulang, anak at pamilya.
4. Ibahagi ang mensahe ni Elijah sa sinoman!



Ang Iglesia
SA
TAHANAN

Ang Iglesia sa Tahanan

KABANATA 9

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Ano ang paborito mong alagang hayop na mayroon ka?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

Hilingin sa Dios tuwing umaga ngayong linggong ito na:

1. Tulungan kang bumalik sa Panginoon nang lubusan--walang anomang makakapigil.
2. Tulungan kang makapaghanda sa pagsalubong kay Jesus sa Kanyang pagdating.
3. Bigyan ka ng biyaya na muling ibaling ang iyong puso sa iyong magulang, anak at pamilya.
4. Ibahagi ang mensahe ni Elijah sa sinoman.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Kaninong bahay ka nakaramdam ng damdaming parang nasa sarili kang tahanan nang higit saan man? Bakit?

Tuklasin kung ano ang sinasabi ng Salita ng Dios tungkol sa iglesia sa tahanan.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin na mapahalagahan natin ang ating tahanan bilang lugar ng pagsamba.

TUKLASIN

Ang aming pamilyang binubuo ng lima ay lumuluhod sa aming maliit na sala at nanalangin sa Dios na dalhin ang mga inanyayahang mga kapitbahay at kaibigan sa komunidad sa aming tahanan. Handang-handa kami. Nanalangin at naghanda ng musika, ng isang mensahe para sa lahat ng henerasyon mula sa Salita ng Dios gayon din isang simpleng pagkaing pagsasaluhan. Nakatitig kami sa aming pintuan sa harapan...at naghintay. “May darating ba?” pagtataka namin.

At nakarinig kami ng mga yabag patungo sa aming tahanan. Nasabik ang aming mga anak. Nakinig kami habang ang mga yabag ay palapit sa aming balkonahe, at nang may kumatok sa aming pinto, napalukso kami upang tingnan kung sino ang nandoon!

Nang sumunod na ilang minuto, ang aming sala’y napuno ng aming kapitbahay sa kabilang kalsada, ng kapitbahay mula sa kabilang pinto, at bagong kaibigan

sa komunidad. Nagtawanan kaming magkakasama habang nagpapalitan kami ng tungkol sa nakaraang linggo, umawit na magkakasama, tinuklas ang Salita ng Dios nang magkakasama, at nanalangin. Ang bata, kabataan, at matatanda ay sumali, nakibahagi at nanguna.

Pagkatapos, nagsama-sama kami sa aming lamesa para sa hapunan. Kinuha namin ang aming magagandang upuan, ang aming di-gaanong magandang upuan at anomang maaaring maupuan ng sinoman. Binasbasan namin ang pagkain at kumaing magkakasama tulad ng isang pamilya. Ito ang unang araw na nagkaroon ng iglesia sa tahanan kasama ng aming mga kapitbahay. Sa sumunod na mga buwan, ang aming kapitbahay ay naging pamilya sa pananampalataya. Ang aming pamilya ay may masasayang ala-ala sa di-malilimutang mga buwan nang magkaroon kami ng iglesia sa aming tahanan.

Nasisiyahan akong dumalaw sa mga gusali ng iglesia sa buong daigdig: mga katedral na may matataas na tore na nakatunghay sa mga kalsada, na dahilan upang mapabulong ka ng paghanga pagpasok mo, sa mga kapilya ng kanayunan bukas ang mga bintana upang marinig mo ang awit ng mga ibon, maramdaman ang simoy ng hangin at maramdaman ang sikat ng araw;

mga santuwaryo sa mga syudad na may hagdanang madaling hakbangin tungo sa nakakaintrigang bangketa, na nagbibigay ng matahimik na lugar para sa panalangin at simpleng kanlungan na may maruming sahig, matigas, kahoy na walang sandalang mga bangko, walang dingding at may awitang pumapailanglang hanggang sa kabukiran ng mais.

Gayon pa man, ang iglesia ay unang binubuo ng mga tao, hindi ng gusali--mga taong tinawag upang sumamba sa Dios, magsalo-salong magkakasama, makinig sa ipinangangaral na Salitang nakasulat, lumago bilang mga disipulo at isugo upang maglingkod sa komunidad at sanaying maging disipulo ang mga tao para kay Cristo. Sa mga nagdaang siglo, nadagdagan ang aming paniniwalang ang iglesia'y nagtatagpo sa mga gusali na itinalaga para sa layuning pangrelihiyon.

Ang iglesia ay binuo ng isang mag-asawa, nina Adan at Eva at ng Dios. Nagtatagpo sila sa kanilang tahanan, sa halamanan ng Eden. Walang mga upuan, walang gitnang daraanan, walang salaming bintana, walang entablado o pulpito. Ang unang iglesia ay pakikipagtagpo ng mag-asawa sa Dios na Manlalalang na pinapalibutan ng luntian at nagtataasang mga punong kahoy, ng matamis na halimuyak ng mga bulaklak

at ng ugong ng di-mabilang na mga hayop
at ibon na nag-uusap sa isang libong mga
salita.

Ang unang iglesia'y nagtagpo sa isang
tahanan. Hindi kaya ang iglesia ay
babalik sa pinakapayak na tahanan bilang
pinakasentro ng pagsamba sa Dios bago
dumating si Jesus? Pagkatapos mamatay ni
Jesus sa krus, nabuhay mula sa kamatayan,
at nagbalik sa tahanan sa Langit, ang unang
siglong iglesia'y nagtitipon sa itaas na silid
upang manalangin para sa bautismo ng
Banal na Espiritu, gaya ng pangako ng
Tagapagligtas. Paglipas ng sampung araw
ng pananalanging magkakasama, “Ay biglang
dumating mula sa langit ang isang ugong na
gaya ng sa isang humahagibis na hanging
malakas, at pinuno ang buong bahay na
kanilang kinauupuan. At sa kanila'y may
napakitang mga dilang kawangis ng apoy, na
nagkabahabahagi; at dumapo sa bawa't isa
sa kanila” (*Mga Gawa 2:2, 3*).

Ipinahayag ng Gawa 2:46 na nagsimulang
mabuo ang unang iglesia noong unang
siglo, nagtatagpo ang mga unang
mananampalataya kapwa sa templo at sa
kanilang mga tahanan, “At araw-araw sila'y
nagsisipanatiling matibay sa pagkakaisa
sa templo, at sa pagpuputol-putol ng
tinapay sa bahay-bahay, at nagsisikain sila

ng kanilang pagkain na may galak at may katapatan ng puso..”

Pagkatapos pagalingin nina Pedro at Juan ang isang lumpo sa templo (*Mga Gawa 3*) at ipinakulong sila ng mga saserdote dahil sa pagpapagaling sa lumpo sa pangalan ni Jesu Cristo, nadagdagan ang pagtatagpo ng iglesia sa mga tahanan ng mga mananampalataya. Pinatotohan ng Banal na Kasulatan, “At sa araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, ay hindi sila nagsisipagtigil ng pagtuturo at pangangaral, na si Jesus ang siyang Cristo” (*Mga Gawa 5:42*).

Sa katotohanan, nang ang diakonong si Esteban ay binato hanggang sa mamatay, ang wika ng Banal na Kasulatan, “At nang araw na yao’y nangyari ang isang malaking pag-uusig laban sa iglesia na nasa Jerusalem; at silang lahat ay nagsipangalat sa lahat ng mga dako ng Judea at Samaria, maliban na sa mga apostol” (*Mga Gawa 8:1*). Saan ba matatagpuan ang Iglesia?

Muli, sinasabi ng Banal na Kasulatan, “Datapuwa’t pinuksa ni Saulo ang iglesia, na pinapasok ang bahay-bahay, at kinakaladkad ang mga lalaki’t mga babae, at sila’y ipinapasok sa bilangguan” (*Mga Gawa 8:3*). Pansining natagpuan ni Saul ng

Tarsus ang iglesia sa mga tahanan ng mga mananampalataya, hindi sa templo.

Nang palayain si Pedro mula sa bilangguan ng isang anghel, hindi siya nagtungo sa templo upang hanapin ang mga mananampalataya. Mga Gawa 12:12 ang nagpahayag na “siya’y naparoon sa bahay ni Maria na ina ni Juan na may pamagat na Marcos; na kinaroroonan ng maraming nangagkakatiapon at nagsisipanalangin.” Ang pulong panalangin ay sa isang tahanan.

Nang matagpuan ni Pablo ang pag-uusig sa sinagoga sa Corinto habang ipinapahayag si Jesus bilang Cristo, nagtungo siya sa isang tahanan. Mga Gawa 18:7 ay nagpapahayag, “siya’y umalis doon, at pumasok sa bahay ng isang lalaking nagngangalang Tito Justo, na isang sumasamba sa Dios, na ang bahay niya’y karugtong ng sinagoga.” Ano ang naging bunga? “At si Crispo, ang pinuno sa sinagoga, ay nanampalataya sa Panginoon, pati ng buong sangbahayan niya; at marami sa mga taga Corinto na nakikinig ay nagsisampalataya, at pawang nangabautismuhan (*Acts 18:8*).

Sa Efeso, natagpuan ni Pablo ang mga mananampalataya, sa kanyang personal na testimonya kung paano gumawa ang kanyang ministri na nagpapamalas ng lubhang marami: “Kung paanong hindi ko

ipinagkait na ipahayag sa inyo ang anomang bagay na pakikinabangan, at hayag na itinuro sa inyo, at sa mga bahay-bahay” (*Mga Gawa 20:20*).

Naging karaniwan ang simbahan o iglesia sa bahay noong unang siglo. Pansinin ang pagbanggit ni Pablo sa mga iglesiang nagtatagpo sa mga tahanan ng mga mananampalataya.

“Batiin ninyo si Priscilla at si Aquila na aking mga kamanggagawa kay Cristo Jesus, At batiin ninyo ang iglesia na nasa kanilang bahay” (*Taga Roma 16:3, 5*).

“Batiin ninyo ang mga kapatid na nangasa Laodicea, at si Nimfas, at ang iglesiang nasa kanilang bahay” (*Colosas 4:15*).

“Si Pablo, na bilanggo ni Cristo Jesus, at si Timoteo na ating kapatid kay Filemon na aming minamahal at kamanggagawa, at kay Apia na ating kapatid na babae, at kay Arquipo na kapwa kawal namin, at sa iglesia sa iyong bahay” (*Filemon 1:1, 2*).

Ngayon, maraming mananampalataya kay Jesu Cristo ay nagtatagpo lamang sa kanilang sariling mga tahanan. Ang mga iglesiang ito’y nagtatagpo sa kanilang mga sala, at sa mga lamesa sa kusina, ang kanilang mga kaanib ay naghahati ng mga

tinapay, nagpipista sa Tinapay ng Buhay, at tinutuklas ang buhay na Dios nang sama-sama.

Sa mga lugar na may labis na kalayaan, ang isiping ang mga iglesia'y napipilitang magtagpo sa bahay ay parang napakalungkot na sitwasyon. Gayon pa man, hindi ito isang kaso. Madalas ang pag-uusig o kahirapan sa ekonomiya ang pumipilit na gawin ito sa tahanan, muling natuklasan ng iglesia ang kanyang layunin, ang kanyang panawagan at kanyang misyon.

Ang mahubaran ng damit ng tagumpay, ang pagmamalaki sa magagandang mga gusali at ang maraming masalimuot na programa, ang iglesya ay pinaalalahanan na ito'y binubuo ng mga taong tinawagan ni Cristo upang sumamba, magsama-sama, maglingkod sa isa't isa, at magsanay ng mga disipulo.

Hindi kaya sa darating na panahon ang iglesia ay manunumbalik sa kalagayang tulad noon na sa mga tahanan? Hindi kaya muling maulit ang mga araw ng unang siglo--na ang pagsamba'y muling madiktahan ng pandaigdigang kapangyarihan at otoridad, na ang pag-uusig ay muling babangon sa pandaigdigang paraan, at ang iglesia ng buhay na Dios ay

muling mananagana sa mga tahanan ng bayan ng Dios?

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Paano o gaano ang ipinagbago ng iglesia simula sa iglesia sa aklat ng Mga Gawa?
2. Ano ang kalamangan ng iglesia sa tahanan? Ano ang kalamangan ng iglesya sa gusali”

MABUHAY

7-Araw na Hamon

1. Manalangin sa Dios araw-araw sa loob ng linggong ito na patnubayan ka sa mga taong maaaring anyayahan sa iyong tahanan upang mag-aral ng Salita ng Dios?
2. Gumawa ng talaan ng mga kaibigan, ibang kaanib ng pamilya, kapitbahay, at ibang kakilala sa komunidad.
3. Bilugan ang mga pangalan sa iyong talaan na ipinadama ng Dios sa iyo na makikinabang sa pagtungo sa iyong tahanan upang mawili sa Salita ng Dios.



Ang
Nag-aanyayang
HAPAG-KAINAN

Ang Nag-aanyayang Hapag-Kainan

KABANATA 10

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Sino ang paborito mong tagapagluto nung bata ka pa?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

1. Manalangin araw-araw sa loob ng linggong ito sa Dios na patnubayan kayo sa mga taong maaaring anyayahan sa iyong tahanan upang mag-aral ng Salita ng Dios?
2. Gumawa ng talaan ng mga kaibigan, ibang kaanib ng pamilya, kapitbahay, at iba pang kakilala sa komunidad.
3. Bilugan ang mga pangalan sa iyong talaan na ipinadama ng Dios sa iyo na makikinabang sa pagtungo sa iyong tahanan upang mawili sa Salita ng Dios.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Kaninong tahanan mo nagustuhan kumain nang bata ka pa? Bakit?

Tuklasin kung anong Salita ng Dios ang nag-aanyaya sa iyong maranasan sa iyong hapag-kainan?

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin na maaari kang tumanggap ng tao sa iyong hapag-kainan?

TUKLASIN

Walang makakatulad gaya sa pag-upo sa isang maganda, lutong-bahay na pagkaing inihahain sa isang mapagmahal na tahanan! Kamakailan inanyayahan ako sa isang hapunan sa tahanan ng mag-asawang may katandaang nakatira sa isang maliit na silid sa isang bansang bumaba na ang kalayaang panrelihiyon.

Naglalakad kami ng isang kaibigan sa niyebe sa kakahuyan. Nanginig ako sa naramdamang pagbaba ng temperatura. Sa unahan, sa kakahuyan, ang mainit na liwanag ay kumikislap mula sa bintana sa kadiliman. Habang aming tinatadyakan ang niyebe sa aming mga boots sa lapag ng hagdanang kahoy patungo sa silid, biglang bumukas ang harapang pintuan at masayang tinanggap kami ng maybahay patungo sa loob kung saan ang umaapoy na kahoy sa kalan ang nagbibigay init sa kusina. Ang masarap na samyo ng sariwang bawang, sibuyas at patatas ang nagpalaway sa aking bibig.

Umupo at nag-usap kami nang isang oras ng asawang lalaki habang ang kanyang

asawa na mga ilang talampakan ang layo sa amin ay naghahanda ng hapunan. Simple ang pamumuhay roon at kakaunti lang ang naninirahan. Walang tubo ng gripo at walang palikuran sa labas, kundi isang timba sa isang malamig na panig ng silid.

Pinagmasdan ko ang mabait, may maputing buhok na lola na naglagay ng bagong labang pantakip sa maliit na lamesa. Kinuha niya ang kanyang pinakamahusay na mga pinggan at inayos ang lamesa. Pinagmasdan namin siya habang kanyang dinala ang bagong lutong tinapay, lutong-bahay na sabaw, at isang pinggan ng pinalamanang nilagang mansanas. Inanyayahan niya kaming umupo sa kanyang hapag-kainan. Pagkatapos magpasalamat sa Dios para sa pagkain, nagsimula kaming kumain. May kagalakang inaalok kami ng lahat ng pagkaing mayroon sila. Naramdaman naming labis kaming minamahal bilang kaanib ng pamilya. Parang nasa sarili kaming tahanan.

Ang kumain sa isang tahanan maliban sa inyong sariling bahay ay dumadalang na nang dumadalang. Bakit kaya ganito? Bakit natin nilalampasan ang dakilang pagpapalang ito?

Ang tulin ng buhay ay bumibilis habang nadaragdagan ang kakayahang malaman ang napapanahong impormasyon.

Inaasahan nating maririnig ang pinakabagong balita ngayon. Nais nating mapaglingkuran ngayon. Gusto nating marinig ang ating mga kaibigan ngayon.

Sa ganitong mabilisang buhay, ang pagkaing inihanda at inihahain sa bahay ay madalas tulad sa isang kaaya-ayang tanawin, gayon pa man isa na lang itong nakaraang ala-ala. Ang tanghalian o hapunang pagkain ay kinakain nang nagmamadali. Ang mga pagkain ay kinukuha sa mga restoran. Madalas ang mga pagkain ngayon ay nawalan ng pagpapala ng fellowship na kinuha mula sa kanila!

Batid ni Abraham ang kahalagahan ng pagtanggap ng panauhin sa kanyang hapag-kainan. Hindi lamang sa kanyang mga kakilala. Tinatanggap niya ang mga estranghero sa kanyang lamesa.

Ang Genesis 18:1-8 ay nagbibigay ng magandang larawan sa mabuting pagtanggap ni Abraham. Basahin para sa inyong sarili. Tingnan kung gaano karaming beses na tumakbo o nagmadali si Abraham upang pag-ukulan ng pansin at pakainin ang mga estranghero. Masigasig si Abraham at magiliw sa pagtanggap ng ibang tao para sa isang hapunan o tanghalian sa kanyang tahanan.

Anong pagkagulat para kay Abraham na matuklasan ang katauhan ng kanyang tatlong panauhin! (*Tingnan ang Genesis 18:1, 13*). Anong pagpapala ang tinanggap ng kanyang sambahayan!

Ang wika ng Banal na Kasulatan, “Huwag ninyong limutin ang pagpapakita ng pagibig sa mga taga ibang lupa: sapagka’t sa pamamagitan nito ang iba’y walang malay na nakapagpapatuloy ng mga anghel” (*Hebreo 13:2*). Ang isagawa ang “pagiging mapagpatuloy” ay isa sa mga nakatala sa ibang espirtual na kaloob (*Roma 12:13*). Hinahamon tayo ng 1 Pedro 4:9 na “Na mangagpatuluyan kayo ng walang bulong-bulungan.”

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Anong pumipigil sa iyong anyayahan ang iyong mga kaibigan, pamilya, kapitbahay, estranghero sa isang hapunan o tanghalian sa iyong tahanan?
2. Anong pagpapala ang maaari mong tanggapin sa pagbibigay ng isang hapunan o tanghalian sa ibang tao sa iyong tahanan? Anong pagpapala ang mawawala sa iyo?
3. Anong mga paraan upang magawa mong simple o payak ang pagkaing ihahain mo sa panauhin sa iyong tahanan?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

1. Anyayahan ang mga taong inilagay ng Dios sa iyong puso mula sa nakaraang linggo na magtungo sa iyong tahanan para sa isang tanghalian o hapunan.
2. Manalangin sa Dios na pagpalain ng gayon na lamang ang bawat inanyayahan mo.
3. Maghanda ng simpleng pagkain, at tanggapin at anyayahan silang samahan ka sa iyong hapag-kainan.
4. Sa oras ng pagkain, anyayahan ang iyong panauhin na samahan ka sa susunod na linggo na mag-aral ng Salita ng Dios tungkol sa Kanyang panukala para sa tahanan.



Ang Banal
NA
TIPANAN

Ang Banal na Tipanan

KABANATA 11

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Ano ang pinakamagandang sorpresa sa inyo noong nakaraang linggo?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

1. Anyayahan ang mga taong inilagay ng Dios sa inyong puso mula sa nakaraang linggo na pumunta sa inyong tahanan para sa isang tanghalian o hapunan.
2. Manalangin sa Dios na pagpalain ng gayon na lamang bawat iyong inanyayahan.
3. Maghanda ng simpleng pagkain, at tanggapin at anyayahan silang samahan ka sa iyong hapag-kainan.
4. Sa oras ng pagkain, anyayahan ang iyong panauhin na samahan ka sa susunod na linggo na mag-aral ng Salita ng Dios tungkol sa Kanyang panukala para sa tahanan.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Kung makakagawa ng isang pakikipagtipan sa kanino man sa loob ng isang oras, sino

kaya siya? Tuklasin kung ano ang iniaalok ng Salita ng Dios bilang di-makakalimutan, nakapagpapabagong-buhay na tipanan.

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin na maingatan natin ating pinakadakilang tipanan sa Dios.

TUKLASIN

Ang paborito kong tipanan sa bawat araw ay sa Isang hindi ko pa nakita kailanman. Sa tipanang ito nalalaman bawat araw kung ako man ay nasa malalim na niyebe ng Canada, sa mataong kalsada ng Jakarta, sa kabayanan ng Los Angeles, sa tabi ng palayan sa Cambodia o sa ilalim ng kasagingan sa Pilipinas. Nasanay akong ako ang nagtatakda ng tipanan at maliwanag na sinasabing kailangan kong umalis.

Subalit ang Isa na kinakatagpo ko tuwing umaga ang nagpakita sa akin ng ibang paraan. Ang Hindi Nakikitang Isa ay ipinakita sa akin na higit Siyang interesado sa pakikipagtagpo sa akin kaysa pakikipagtagpo ko sa Kanya. Gusto Niya ang hindi nagmamadaling pakikipagtipan sa akin.

Kaya, bawat araw, nagtakda Siya ng tipananan sa pinakamaaga o pinakahuli sangayon sa Kanyang kagustuhan. Hindi ko

kailangang mabahala na tingnan ang aking orasan upang makita kung saan kailangan kong tumakbo sa susunod. Siya ang nagtakda ng oras sapat na maaga upang hindi ko kailangang magmadali sa aming panahong magkasama. Natutuklasan ko ang kakaibang paraan na mabuhay!

Ang Banal na Isang ito, ang Manlalalang ng sansinukob, itinuturo ng Banal na Espiritu sa akin sa pamamagitan ng Kanyang isinulat na Salita kung sino ang tunay na Jesu Cristo! Nakikinig Siya at nagmamalasakit sa kung anoman ang aking ibabahagi--pangamba, takot, kagalakan, at kalungkutan. Inihihinga Niya ang bagong buhay sa akin araw-araw, binibigyan ako ng pag-asa, kapayapaan, pag-ibig, kagalakan at layuning humihikayat sa akin bawat araw!

Aking ibinabahagi ang katotohanang ito sa ilang bagong kaibigan sa mahihirap na mga lugar kung saan ang pagbabahagi ng isang pananampalataya'y hindi nakikita kahit isang malayong posibilidad. Isang kabataan ang nakinig nang mataman sa ideyang gusto ng Dios na magkaroon Siya ng katipanan tuwing umaga. Hindi siya umimik kahit isang salita at tahimik na nilisan ang silid, na malalim na nag-iisip.

Nang sumunod na umaga, dumaan siya upang makipag-usap. Isang mukha na may

pagtataka ang mamamalas sa kanyang mukha na dati'y walang ekspresyon. Sa hindi mapigilang kasabikan, bumulong siya, "Ginising ako ng Dios ngayong umaga na magkaroon ng oras sa Kanya!" May luha ng kagalakan, nagwika siya, "Buong buhay ko naghintay ako sa ganoong pakikipagtagpo sa Dios sa Kanyang Salita at sa panalangin! Namangha ako nang gusto Niyang makipagtagpo sa akin!"

Ano naman ang inyong araw-araw na tipanan? Mayroon kayong tipanan para sa lahat ng uri ng dahilan sa lahat ng uri ng tao. Kung minsan mahirap na ingatan ang lahat ng pakikipagtipan sa inyong isip. Gaya ng pagsasalamangka ng mga dalandan, saging, ubas o melon, ang ilang mga tipanan ay mas mabigat kaysa sa iba at kapag nakaligtaan ang isa, anong laking gulo!

Ang iyong relasyon sa Dios ay hindi isang bagay na kailangan mong gamitan ng salamangka! Kundi magpasakop sa araw-araw na panukala ng Dios para sa iyong relasyon sa Kanya. Nakahanda Siya na makipatagpo sa iyo at tuparin ang pakikipagtipan sa iyo araw-araw sa iyong buhay!

Ngayon balikan natin at palakasin ang ilang nagpapabagong-buhay na prinsipyong nabanggit sa unahan ng aklat na ito!

Gawin ito Araw-Araw!

1. Bago ka matulog sa gabi, hilingin sa Dios na gisingin ka upang magkaroon ka ng di-nagmamadaling oras na mag-isang kasama Siya. Ginawa ng Dios Ama ito para kay Jesus araw-araw nang narito Siya sa lupa. Pinatotohanan ni Jesus, “Binigyan ako ng Panginoong Dios ng dila ng nangaturuan, upang aking maalaman kung paanong aaliwin ng mga salita siyang nanglulupaypay. Siya’y nagigising tuwing umaga, ginigising niya ang aking pakinig upang makinig na gaya ng mga natuturuan” (*Isaiah 50:4*).

Kung ano ang ginawa ng Dios kay Jesus, nakahanda Siyang gawin din ito sa iyo! Ang lubos na interesado na makipagtipan sa iyo araw-araw. Hindi ka isang numero lang sa Kanya. Kilala ka Niya nang lubusan. Sa sulat ni David, “Oh Panginoon, iyong siniyasat ako, at nakilala ako. Iyong nakikilala ang aking pag-upo at ang aking pagtindig, iyong nauunawa ang aking pag-iisip sa malayo. Iyong siniyasat ang aking landas at ang aking higaan, at iyong kilala ang lahat kong mga lakad” (*Awit 139:1-3*).

2. Sa paggising mo sa umaga unang gawin ang bagay na ito: Lumuhod. Isuko mo ang lahat ng sa iyo at lahat na mayroon ka, kasama ang iyong pag-uugali, kay Jesus bilang Panginoon ng iyong

buhay. “Bakit gagawin ito?” maaari mong itanong ito. Dahil sa kung sino Siya. Ang wika ng Banal na Kasulatan, “Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa lupa ay naibigay kay Jesus” (*Mateo 28:18*). Kaya si Jesus nasa itaas ng lahat ng kapangyarihan at otoridad. Ang ibig sabihin Siya ang Panginoon mo... kilalanin mo man ang Kanyang otoridad sa iyong buhay o hindi.

Ang araw ay darating sa madaling panahon kung kailan ang tagasunod ng Dios at mga hindi sumunod sa Kanya, ay magbibigay karangalan kay Jesus. Mahirap paniwalaan? Pinatutunayan ng Banal na Kasulatan ang araw na iyan ay darating: “Upang sa pangalan ni Jesus ay iluhod ang lahat ng tuhod, ng nangasa langit, at ng nangasa ibabaw ng lupa, at ng nangasa ilalim ng lupa, At upang ipahayag ng lahat ng mga dila na si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama” (*Filipos 2:20, 11*).

Ang magpasakop kay Jesus bilang Panginoon ay nangangahulugang pagsuko ng iyong posisyon sa upuan ng driver ng iyong buhay. Anyayahan si Jesus na magmaneho ng iyong buhay. Hilingin sa Kanya na dalhin ka kung saan Niya gustong pumunta ka. Magtiwala sa Kanya na dadalhin ka Niya roon kasingbilis o kasingbagal sang-ayon sa Kanyang kagustuhan.

Ang parangalan si Jesus ay nangangahulugang makinig at sumunod sa Kanyang pangunguna na may kalamayan sa ating prayoridad, ating uri ng pamumuhay at ating pagpili. Pinipili natin ang Kanyang kasiyahan nang higit sa pagbibigay kasiyahan sa ating sarili. Ibigay natin sa Kanya ang susi ng ating buhay at sabihin, “Magmaneho Ka!”

3. Pagkatapos magpasakop kay Jesus bilang Panginoon tuwing umaga, makipag-usap sa Dios at tuklasin ang Kanyang Salita:
 - a. Magpasalamat sa Dios sa Kanyang ginawa sa inyong buhay kahapon.
 - b. Purihin ang Dios sa kung sino Siya.
 - c. Ikumpisal ang inyong mga kasalanan at malamang kayo’y lubusang pinatawad at malinis na!
 - d. Manalangin sa Dios na ipadala ang Banal na Espiritu upang patnubayan ka sa katotohanan.
 - e. Basahin ang Banal na Kasulatan upang matuklasan ang katotohanan.
 - f. Ipamuhay ang katotohanan sa buong maghapon.
 - g. Ibahagi ang katotohanan sa sinoman sa bawat araw.
4. Hilingin sa Dios na bautismuhan ka ng Banal na Espiritu. Ibibigay sa iyo ng Banal na Espiritu ang bagong buhay.

Bibigyan ka Niya ng kapangyarihang layuan ang mga dahilan ng pagkasira at lumapit sa nagbibigay ng pag-ibig, kagalakan at kapayapaan. Bibigyan ka Niya ng katatagan o tapang na tumayo at makilala bilang tagasunod ni Cristo at karunungan upang malaman kung paano ibahagi si Jesus, kung ano ang sasabihin at kanino sasabihin ito!

Narito kung paano ka magkaroon ng kaloob sa araw-araw ng iyong buhay:

- a. Lumapit kay Jesus nang may pagkauhaw at paniniwala (*Juan 7:37-39*).
- b. Magsisi sa iyong mga kasalanan at mabautismuhan (*Mga Gawa 2:38, 39*).
- c. Sumunod sa Dios (*Mga Gawa 5:32*).
- d. Hilingin sa Dios na ipagkaloob sa iyo ang Banal na Espiritu (*Lucas 11:11-13*).

Ang tipanan sa Dios na iyong iningatan bawat araw ang naghahanda sa iyong katagpuin Siya sa susunod na araw. Habang iyong kinatatagpo ang Dios sa buong isang linggo, masusumpungan mong lalo kang nauuhaw nang higit pa. Magandang balita ito, gayon pa man ay may higit pang mabuti! Gumawa ang Dios ng isa pang pakikipagtipan na ikaw ang Kaniyang nasasa-isip, isang mataas na kalagayan sa katapusan ng bawat linggo.

Subukan ito tuwing Biyernes ng gabi hanggang sa Sabado ng gabi!

May isang araw na binanggit sa Banal na Kasulatan na binasbasan at pinabanal ng Dios. Bakit hindi ipagdiwang ang pinagpalang araw na ito!

1. Huminto sa pagmamadali at trabaho tuwing Sabado, ang ikapitong araw. Magsaya at tamasahin ang pagpapala ng Presensya ng Dios. Tingnan ang Genesis 2:2, 3.
2. Alalahanin ang Dios na Manlalalang...at ang daigdig na Kanyang nilikha. Italaga ang oras upang pahalagahan ang dakilang kalikasan na Kanyang nilikha! Tingnan ang Exodus 20:8-11.
3. Sambahin ang Dios na Manlalalang. Tingnan ang Apocalipsis 14:7.
4. Pagpalain ang ibang tao. Tingnan ang Marcos 3:1-4.

Maaaring ang inyong tahanan ang lugar upang ipagdiwang araw-araw, ang banal na pakikipagtipan sa Dios at lugar na ipagdiriwang ang kapahingahan ng Sabbath na ipinagkaloob ng iyong Dios na Manlalalang. Tuwing Biyernes ng gabi, kapag lumubog ang araw, may pagkakataon kang ipagdiwang ang Dios bilang iyong Manlalalang, Manunubos at Siyang nagpapabago ng iyong buong buhay.

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo

1. Anong prinsipyo sa Biblia na tinalakay ang nagbigay ng pagkakaiba sa iyong kasalukuyang araw-araw na pakikipagtipan sa Dios? Ano ang iyong susunod na hakbang?
2. Anong pagkakaiba ang magagawa ng pagbibigay ng parangal sa Ikapitong-araw na Sabbath ng Biblia sa iyong relasyon sa Dios? Sa iyong pamilya? Sa iyong kalusugan? Sa iyong paglilingkod sa komunidad? Sa iyong kapaligiran?

MABUHAY

7-Araw na Hamon

1. Anyayahan ang Dios tuwing gabi na gisingin ka tuwing umaga para sa Kanyang pakikipagtipan sa iyo!
2. Anyayahan ang Dios sa susunod na paglubog ng araw sa Biyernes hanggang sa paglubog ng araw sa Sabado na pagpalain kayo ng Sabbath na pagpapahinga sa Kanyang karangalan bilang Manlalarang.
3. Ngayong linggo magsimula sa maliit na grupo sa inyong tahanan na mag-aral ng nagpapabagong-buhay, prinsipyo sa Biblia sa aklat na ito *Halina, Umuwi sa Iyong Tahanan*.



Halina

UMUWI SA IYONG
TAHANAN

Halina, Umuwi sa Iyong Tahanan

KABANATA 12

KUMUNEKTA/UMUGNAY

Sa Isa't Isa

Anong isang bagay ang iyong ibibigay sa iyong pamilya at kaibigan kung may pagkakataon ka?

Sa Nakaraang Linggo ng 7-Araw na Hamon

1. Anyayahan ang Dios tuwing gabi na gisingin ka tuwing umaga para sa Kanyang pakikipagtipan sa iyo!
2. Anyayahan ang Dios sa susunod na paglubog ng araw sa Biyernes hanggang sa paglubog ng araw sa Sabado na pagpalain kayo ng Sabbath na pagpapahinga sa Kanyang karangalan bilang Manlalalang.
3. Ngayong linggo magsimula sa maliit na grupo sa inyong tahanan na mag-aral ng nagpapabagong-buhay, prinsipyo sa Biblia sa aklat na ito *Halina, Umuwi sa Iyong Tahanan*.

Sa Salita ng Dios Ngayong Araw na Ito

Sino ang hinahangad mong hindi kailanman mapahiwalay sa iyo?

Tuklasin ang huling paanyaya ng Dios sa Kanyang Salita?

Sa Dios sa Pamamagitan ng Panalangin

Manalangin na mahanda tayo sa pagtungo sa ating huling tahanan.

TUKLASIN

Halos magtatatlong buwan na ang nakalipas simula ng yakapin ko ang aking asawa at anak ng pamamaalam na iniisip kong mga dalawang linggong paglalakbay patungong Pilipinas. Dalawang araw pagkatapos kong lumapag sa Manila, naranasan ko ang lockdown sa campus ng unibersidad dahil sa pandemic. Ang paglipad kong pabalik ay sampung beses na kanselado.

Pinapayapa ng Dios ang aking puso bawat araw habang binabasa at inaangkin ang Kanyang mga pangako sa Kanyang nakasulat na Salita. Naharap ba ako sa takot at pagkabigo? Ganap na tunay! Araw-araw inaanyayahan ako ng Dios na makipagpalitan ng aking takot at kabiguan para sa Kanyang kapayapaan at Kanyang kapangyarihan. Hindi kailan man nabigong ipadala ang Kanyang mga pangako sa akin!

Sa madaling araw, lumalabas ako at naglalakad sa bukirin sa ilalim ng mga bituin at nagtatanong, “Panginoong Dios, kailan

ako maaaring umuwi?” Paulit-paulit, ang wika ng Dios, “Hindi pa maaari. May gawaing dapat mong gawin dito bago ka umuwi.”

May gawain ang Dios para sa akin sa campus sa partikular na mga araw na iyon. Sa loob ng halos tatlong buwan ko sa lockdown, nakita kong tinawag ng Dios ang mga estudyante, mga guro at iba pang mga kawani at kanilang mga pamilya sa isang pagpapanibagong-buhay kay Jesus. Nakita ko na itinaas ng Dios ang mga kampyeon mula sa mga kabataan at matatanda na magdisipulo ng bagong henerasyon para kay Cristo.

At isang umaga, lumabas ako sa malamig na simoy ng hangin bago tumaas ang araw sa itaas ng bundok at muling tinanong ang Dios, “Kailan ako maaaring umuwi?” Sinabi Niya sa akin ang aking gawain doon ay tapos na, at panahon na upang umuwi ako! Ako’y nasabik!

Mga ilang araw ang lumipas, nakalipad na ako sa isa sa huling lumipad mula sa Manila to JFK Airport at mula roon papuntang Canada! Labis ang kasabikang makita muli si April at si Jessica, bagamat kailangan ang 10 talampakang layo sa isa’t isa!

Nang halos matapos na ang aking mandatory na 14-araw na quarantine, sinabi

ko kay April ang eksaktong oras na maaari na niya akong sunduin. “Inihanda ko na ang aking mga gamit at handa nang umalis!” Sinabi ko ito sa kanya nang nakaraang gabi.

Nang sumunod na araw, dumating siya sa aking quarantine trailer mga ilang minuto ang kaagahan. Sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan, nagyakapan kami at hinalikan ang isa’t isa at niyakap ang isa’t isa nang matagal. “Halina Don, umuwi ka na sa iyong tahanan!” ang wika niya.

Saanman, sa malayong lugar, naghanda ang Dios ng isang lugar para sa inyo na tinatawag na Langit. Nasasabik siyang tawagin ninyong tahanan ito. Balang araw, sa lalong madaling panahon, ang Dios, na naghihintay nang mahabang-mahabang panahon, sasabihin kay Jesus na pumarito at kunin tayo at iuwi ang Kanyang bayan sa tahananang inihanda.

Gusto ni Jesus na kumunekta o umugnay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin at sa Kanyang nakasulat na Salita! Gayon pa man hinahangad Niya ang higit pa mula sa iyo. Nais Niyang tumira ka kung saan Siya naninirahan nang walang hanggan nang walang ano mang makapaghihiwalay sa iyo sa Kanya.

Ang wika ni Jesus sa iyo:

“Narito, ako’y madaling pumaparito;” “Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka’t ako’y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan. At kung ako’y pumaroon at kayo’y maipaghanda ng kalalagyan, ay muling paririto ako, at kayo’y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon” (*Apocalipsis 22:12; John 14:2, 3*).

Kaibigan, sa lalong madaling panahon muling darating si Jesus upang dalhin ka kung nasaan Siya! Kung nasaan ka ngayon diyan ang iyong pansamantalang tahanan. Sa madaling panahon sasabihin sa iyo ni Jesus, “Halina, umuwi sa iyong tahanan.” Maghanda ngayon para sa araw na iyan!

Paano Ito Isasakabuhayan

Pagtalakay ng Grupo


1. Paano ninyo mapapanatili ang huling tahanan kasama si Jesus sa inyong isip at puso?
2. Ano ang kailangang baguhin upang maging handa sa iyong tahanan sa walang-hanggan kasama ni Jesus? Ano ang iyong susunod na hakbang?

MABUHAY

Ang Walang Hanggang Hamon

Araw-araw parangalan si Jesus bilang iyong Kaibigan, Tagapagligtas at Panginoon
Araw-araw, mabuhay na may kahandaan na makipagtagpo kay Jesus kung Siya'y dumating. Walang anumang itatago sa Kanya.

Araw-araw, tumulong ihanda ang sinoman na “umuwi na sa tahanan.”



*Isang Pagpapala
Para sa*

IYONG

Pamilya

Isang Pagpapala Para sa Iyong Pamilya

Ama Naming nasa Langit,
Matagal nang panahon, Inyong nilikha ang
langit at lupa, ang mga ibon sa himpapawid,
ang mga isda sa karagatan at lahat ng mga
hayop na lumalakad sa lupa. Nilikha N'yo
ang lalaki at babae at binasbasan sila na
maging asawang lalaki at asawang babae.
Lumakad Kang kasama nila sa halamanan
na kanilang tinawag na tahanan. Nakipag-
usap Ka sa kanila nang mukhaan, kaibigan
sa kaibigan. Ang unang tahanan ay isang
masayang lugar, ang unang pag-aasawa ay
isang dalisay na kagalakan! Kung ano ang
Iyong nilikha nang matagal nang panahon,
nakahanda Kang muling likhain ito.

O Panginoon ng lahat ng nilikha, pumarito
Ka at likhaan Mo kami ng bagong puso!
Anyayahan mo kaming lumakad kasama Mo
gaya ng ginawa ng Iyong bayan sa nagdaang
mga araw. Bigyan mo kami ng isang buhay
na karanasang kasama Ka araw-araw.

Muli mong likhain ang aming mga tahanan
na maging tulad ng munting langit dito sa

lupa. Gawin mong kanlungan ang aming mga tahanan, isang lugar ng kapayapaan at kapahingahan sa Iyo. Pagalingin mo ang aming mga pagsasama ng Iyong biyaya at kapatawaran. Isauli kung ano ang nawala.

Bigyan Mo kami ng tapang gaya ni Elijah na itatag muli ang altar ng pagsamba sa aming mga tahanan, simpleng gawin ang aming mga tahanan na bahay panalanginan. Pagpalain ang pagbabasa at pag-aaral ng Iyong nakasulat na Salita habang kami'y nagtatagpong magkakasama bilang isang pamilya. Nawa ang mga kabataan at mga matatanda ay makilala Ka at ang Iyong Anak na si Jesu Cristo.

Ibaling Mong muli ang aming mga puso pabalik sa aming mga anak at ang kanilang puso pabalik sa amin. Tulungan Mo kaming magdahan-dahan, upang maturuan ang mga bagong henerasyon na magtiwala, sumunod at ibahagi Kayo nang buong puso nila. Nawa ang aming mga anak at kanilang magiging mga anak ay makilala Ka nang personal. Naway tumayo sila at maging tinig sa mga bansa na ang kanilang Manunubos ay nabubuhay.

O Dios, nawa ang liwanag ng Iyong Presensya'y mabuhos sa aming mga tahanan. Nawa ang aming mga tahana'y maging lugar ng pagsamba, edukasyon

at sanayan ng disipulo. Nawa ang aming mga kaibigan, aming kapitbahay at mga estranghero sa aming tarangkahan ay makasumpong ng paanyaya at pagtanggap sa aming mga hapag-kainan, nang pangmatagalang pananampalataya sa Inyo at ng walang hanggang pag-asa na umuwi sa Iyong tahanan sa pagdating na muli ni Jesus sa alapaap ng langit. Ito ang aming panalangin sa pangalan ni Jesus. Amen.

Ang iyong pamilya ay mahalaga sa Dios!

May dakilang pag-ibig ang Dios sa iyo at sa bawat isa na tinatawag mong pamilya.

Halina, Umuwi sa Iyong Tahanan (Come Home) ay nag-aanyaya sa iyo na tuklasin ang panukala ng Dios para sa iyong pamilya at sa lugar na tinatawag mong tahanan. Saliksikin ang walang kamatayang prinsipyo na tutulong sa iyong ibigin ang iyong pamilya nang buong husay at maingat ang iyong tahanan sa magulong panahon. Hanapin ang pangitain ng Dios kung ano ang magiging katayuan ng iyong tahanan sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig, Kanyang biyaya at Kanyang kapangyarihan.



Si Don at ang kanyang asawang si April ay nakatira sa kaburulan ng Ooltewah, Tennessee. Sa loob ng 32 taon, nawili sa pakikipagsapalaran ng pagsunod sa Dios na Manlalalang nang magkasama kung saanman sila ihatid Niya.

For more helpful resources for you and your family, go to www.indiscipleship.org.